
**2011 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi**

# Alam Ko Na ang mga Banal na Kasulatan ay Totoo

*"Sapagkat ang aking kaluluwa ay nalulugod sa mga banal na kasulatan, at ang aking puso ay nagbubulay sa mga yaon" (2 Nephi 4:15).*





*Makukuha ang ipinintang larawan sa sharingtime.lds.org*

**Mga Banal na Kasulatan:** *Ang pag-anyaya sa mga bata na matuto mula sa mga banal na kasulatan ay makakatulong sa kanila na magkaroon ng habambuhay na pagmamahal sa salita ng Diyos. Magplano ng mga paraan bawat linggo na anyayahan ang mga bata na gamitin at pag-aralan ang kanilang mga banal na kasulatan. Maaaring walang mga banal na kasulatan ang ilang bata. Maaaring hindi pa marunong bumasa ang iba. Ang mga aktibidad sa pagkatuto sa outline na ito at ang mga tip sa pagtuturo sa mga pahina 8, 13, at 24 ay magbibigay sa inyo ng mga ideya kung paano magturo gamit ang mga banal na kasulatan.*

**Mga Visual:** *Marami sa mga visual sa buklet na ito ang makukuha online sa sharingtime.lds.org. Maghanap din ng isang listahan ng mga sanggunian tungkol sa partikular na mga paksa ng ebanghelyo mula sa* Friend *sa friend.lds.org. Ang mga sangguniang ito ay maaari ding i-print at gamitin sa pagtuturo sa mga bata.*

# Mga Tagubilin para sa Oras ng Pagbabahagi at Pagtatanghal ng mga Bata sa Sacrament Meeting

**Mahal naming mga Primary Presidency at Music Leader,**

Ang mga banal na kasulatan ay salita ng Diyos. Habang mapanalangin ninyong binabasa ang mga banal na kasulatan at ipinamumuhay ang mga alituntuning itinuro dito at sa outline na ito, magiging espirituwal na handa kayong magturo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa mga bata sa inyong Primary. Magagamit din ninyo ang mga banal na kasulatan upang matulungan ang mga bata na maunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyong ituturo ninyo ngayong taon, tulad ng plano ng Ama sa Langit, misyon ni Jesucristo, tungkulin ng mga propeta, Panunumbalik ng Simbahan, at mga pagpapala ng templo. Matutulungan kayo ng mga banal na kasulatan na maanyayahan ang Espiritu sa inyong Primary at makalikha ng isang kapaligiran na madarama ng mga bata ang impluwensya ng Espiritu Santo. Ang impluwensyang iyan ay makakatulong sa bawat batang Primary na masabing, "Alam ko na ang mga banal na kasulatan ay totoo."

Salamat sa inyong tapat na paglilingkod. Ipinagdarasal namin kayo at tiwala kami sa inyong kakayahang mahalin ang mga bata at maituro sa kanila ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang Primary General Presidency

## Mga Tagubilin para sa Oras ng Pagbabahagi

### Pagtuturo ng Ebanghelyo

Gamitin ang buklet na ito sa paghahandang magturo ng 15-minutong aralin linggu-linggo sa oras ng pagbabahagi. Madaragdagan ninyo ang mga lingguhang aralin ng iba pang mga materyal na inaprubahan ng Simbahan, tulad ng *Liahona*. Tutulungan kayo ng sumusunod na mga patnubay na planuhin at ilahad ang mga aralin.

*Mahalin ang mga Tinuturuan Ninyo.* Ipakita ang pagmamahal ninyo sa mga bata sa pag-alam sa kanilang mga pangalan at mga kinawiwilihan, talento, at pangangailangan.

*Ituro ang Doktrina sa Pamamagitan ng Espiritu.* Habang naghahanda kayo ng mga aralin, manalanging patnubayan kayo at sikaping palakasin ang inyong patotoo tungkol sa mga alituntuning ituturo ninyo. Tutulungan kayo nitong magturo sa pamamagitan ng Espiritu.

*Maghikayat ng Masigasig na Pag-aaral.* Ang buklet na ito ay ginawa para tulungan kayong malaman hindi lamang *kung ano* ang ituturo kundi maging *kung paano* magturo at maghikayat ng masigasig na pag-aaral. Mas epektibo ninyong maituturo ang doktrina kapag ginawa ninyo ang sumusunod na tatlong bagay sa bawat aralin:

1. **Tukuyin ang doktrina.** Malinaw na ipaalam ang doktrinang pag-aaralan ng mga bata. Pag-isipan ang mga paraan na masabi ito at maipakita. (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga aralin para sa unang linggo ng Marso at unang linggo ng Hulyo.)
2. **Maghikayat ng pag-unawa.** Tiyaking higit na mauunawaan ng mga bata ang doktrina sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo na umaakit sa kanila na matuto, tulad ng pagkanta ng mga awitin, duladulaan, at pagbabasa ng mga banal na kasulatan.
3. **Maghikayat ng pagsasabuhay.** Bigyan ng mga pagkakataon ang mga bata na maipamuhay ang doktrina. Pag-isipan kung paano sila magpapahayag ng damdamin tungkol sa o magtatakda ng mithiing nauugnay sa doktrina.

Ang buklet na ito ay naglalaan ng kumpletong mga aralin para sa ilan sa mga linggo ng buong taon. May mga ideya, ngunit hindi kumpletong mga aralin, para sa iba pang mga linggo. Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang iyon. Makakakuha kayo ng mga ideya sa pagbabasa ng iba pang mga aralin sa buklet na ito. Kapag may ikalimang Linggo, gamitin ang oras na ito para balik-aralan ang nakaraang mga aralin. Magagabayan kayo ng Espiritu sa pagpaplano at paghahanda ng mga aktibidad para sa mga aralin.

Makipagtulungan sa music leader sa paghahanda ng inyong mga aralin. Ang pagkanta ng mga awitin ay tutulong na mapagtibay ang mga doktrinang

inyong itinuturo. Paminsan-minsan maaari kayong magpatulong sa mga guro at kanilang mga klase sa mga bahagi ng pagtuturo ng ebanghelyo.

May ilang aralin na nagmumungkahing mag-anyaya ng mga panauhing tagapagsalita na makilahok sa Primary. Dapat kayong humingi ng pahintulot sa inyong bishop o branch president bago anyayahang makilahok ang mga taong ito.

Nakalakip sa mga aralin ang ilang tip sa pagtuturo na tutulong sa inyo na mapaunlad ang kakayahan ninyong magturo. Kasama rin sa mga aralin ang mga larawang tutulong upang makita ninyo kung ano ang hitsura ng aktibidad. Kahit mahalagang paunlarin ang mga kasanayan sa pagtuturo, ang sarili ninyong espirituwal na paghahanda at patotoo ang mag-aanyaya sa Espiritu na pagtibayin ang mga doktrinang ito sa puso ng mga bata.

## Oras ng Kantahan

Ang musika sa Primary ay dapat maghikayat ng pagpipitagan, magturo ng ebanghelyo, at tumulong na madama ng mga bata ang impluwensya ng Espiritu Santo at ang galak na nagmumula sa pagkanta. Isang 20-minutong yugto ng oras ng pagbabahagi ang dapat ilaan sa pagkanta at pagtuturo ng musika. Titiyakin nito na may sapat na oras kayo na magturo ng bagong kanta at matulungan ang mga bata na masiyahan sa pagkanta.

Kasama sa buklet na ito ang isang bagong kanta na pag-aaralan ng mga bata ngayong taon (tingnan sa pahina 28). May isang bahagi rin dito na pinamagatang “Paano Gamitin ang Musika sa Primary” (tingnan sa mga pahina 26–27) at mga karagdagang ideya sa pagtuturo ng mga kanta sa mga bata (tingnan sa pahina 7).



**Paghahanda:** *Manalanging mapatnubayan kayo at hangarin ang impluwensya ng Espiritu habang inihahanda ninyo ang inyong mga oras ng pagbabahagi. Habang naghahanda kayo at nagtuturo ayon sa Espiritu, pagtitibayin Niya ang katotohanan ng itinuturo ninyo. (Tingnan sa* PWHDT, *15.)*

## Mga Patnubay sa Pagtatanghal sa Sacrament Meeting

Sa pamamahala ng bishop o branch president, ang pagtatanghal ng mga bata sa sacrament meeting ay ibinibigay sa ikaapat na kwarter ng taon. Kausapin ang tagapayo sa bishopric o branch presidency na namamahala sa Primary sa mga unang buwan ng taon para talakayin ang mga paunang plano. Hingin ang kanyang pahintulot kapag tapos na ang mga plano.

Planuhing maitanghal ng mga bata ang programa ayon sa mga buwanang tema sa oras ng pagbabahagi. Sa buong taon, itala ang mga pananalita at personal na karanasan ng mga bata na posibleng magamit sa pagtatanghal. Habang nagpaplano kayong ipabahagi sa mga bata ang natutuhan nila tungkol sa temang ito ng taon, mag-isip ng mga paraan na matutulungan nilang magtuon ang kongregasyon sa mga doktrina ng ebanghelyong itinuturo nila. Maaaring tapusin ng isang miyembro ng bishopric ang miting sa maikling pananalita.

Habang inihahanda ninyo ang pagtatanghal, tandaan ang sumusunod na mga patnubay:

- Hindi dapat magamit sa mga praktis ang oras ng klase o pamilya kung hindi kailangan.
- Ang mga visual, costume, at media presentation ay hindi angkop sa sacrament meeting.

*Ang mga awiting ginamit sa pagtatanghal ay puwedeng kantahin ng malalaki o maliliit na grupo, nang solo o dueto, ng isang pamilya, o may saliw na stringed instrument. Tiyaking alam na alam ng mga bata ang mga titik at makakanta ito nang may damdamin.*



## Mga Sangguniang Ginamit sa Buklet na Ito

Ang sumusunod na mga daglat ay ginamit sa buong buklet:

*AAP* *Aklat ng mga Awit Pambata*

*PWHDT* *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*

Maraming aralin ang may mga mungkahi sa paggamit ng mga larawan. Makikita ninyo ang mga larawan sa *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* sa Pakete ng mga Larawan ng Sining ng Ebanghelyo, sa pakete ng mga larawan sa mga manwal ng Primary, at sa mga magasin ng Simbahan at online sa images.lds.org..

## Kurikulum para sa 2011

### Pangkalahatang Kurikulum

Nursery: *Masdan ang Inyong mga Musmos;* Sunbeams: *Primarya 1;* PAT 4–7: *Primarya 3;* Valiant 8–11: *Primarya 7*

### Pangunahing Kurikulum

Sunbeams: *Primarya 1;* PAT 4–7: *Primarya 3;* Valiant 8–11: *Primarya 7*




**Mga Sanggunian:** *Makakakita kayo ng karagdagang mga sanggunian sa pagtuturo tulad ng mga pahinang kukulayan, mga kuwento, at mga aktibidad sa* Liahona, *manwal ng nursery, at* Aklat ng Sining ng Ebanghelyo. *Gamitin ang mga sangguniang ito para maragdagan ang inyong mga aralin.*

**Enero**

**Awit: "Kung Makikinig nang Taimtim"**
(pahina 28 sa outline na ito)



**2011 HAMON**

**Taunang Hamon:** *Sa buong taon, bigyan ng mga pagkakataon ang mga bata na ibahagi ang natutuhan nila mula sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Bibigyan nito ng pagkakataon ang mga bata na magbahagi ng kanilang mga karanasan at tumulong na maganyak ang iba na basahin ang kanilang mga banal na kasulatan sa tahanan.*

# Ang mga Banal na Kasulatan ay Salita ng Diyos

*"Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin"* (2 Nephi 32:3).

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Ang mga banal na kasulatan ay salita ng Diyos.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa mga aklat):* Magdala ng iba't ibang aklat (tulad ng cookbook, storybook, at schoolbook) sa Primary, at anyayahan ang ilang bata na ipakita ang mga aklat na ito at ang mga banal na kasulatan sa Primary. Ipatalakay sa mga bata ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga aklat, pati na ang mga may-akda nito. Ituro na ang mga banal na kasulatan ay kakaiba dahil isinulat ang mga ito ng mga propeta ng Diyos at ang mga ito ay salita ng Diyos.


**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro ng pagtutugma):* Sabihin sa mga bata na may ginagamit tayong apat na aklat ng banal na kasulatan sa Simbahan: ang Biblia, ang Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas. Ipaliwanag na tinatawag natin ang mga ito na "mga pamantayang banal na kasulatan." Turuan ang mga bata ng tungkol sa bawat aklat. Isama ang ilan sa mga kuwento o turong matatagpuan sa bawat aklat. Maglaro ng pagtutugma (tingnan sa *PWHDT,* 223) ng mga pangalan ng mga pamantayang banal na kasulatan at mga larawang kumakatawan sa isang kuwento o turong matatagpuan sa bawat aklat.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga banal na kasulatan):* Ipabahagi sa ilang bata ang paborito nilang banal na kasulatan o kuwento sa banal na kasulatan. Hikayatin silang ibahagi ang natutuhan nila mula sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Magpatotoo tungkol sa mga banal na kasulatan.

## Linggo 2: Dapat tayong magpakabusog sa mga salita ni Cristo.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pag-aaral ng mga salita at parirala):* Ipaliwanag na ang Panginoon ay gumagamit ng mga salitang nagsasaad ng kilos upang ilarawan kung paano natin dapat pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Idispley ang sumusunod na mga salita at parirala sa mga poster sa paligid ng silid: *magpakabusog* (tingnan sa 2 Nephi 32:3); *papagyamanin* (tingnan sa D at T 84:85); *masigasig na saliksikin* (tingnan sa Mosias 1:7); *mahigpit na kakapit* (tingnan sa 1 Nephi 15:24). Magplano ng malikhaing mga paraan para mapasimulan at maipaliwanag ang mga ideyang ito sa mga bata. Halimbawa, puwede ninyong anyayahan ang mga bata na ipakita ang pagkakaiba ng tumikim-tikim sa magpakabusog sa pagkain at pagkatapos ay talakayin kung paano ito nauugnay sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Puwede rin ninyong itanong sa mga bata kung bakit sila "hahawak nang mahigpit" sa kamay ng kanilang magulang sa isang palengkeng maraming tao at pagkatapos ay ipaliwanag kung paano sila makakahawak nang mahigpit sa mga banal na kasulatan at bakit singhalaga iyan ng paghawak nang mahigpit sa kamay ng kanilang magulang.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Hamunin ang mga bata at guro na magkaroon ng regular na pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ipaliwanag na bawat linggo, maisusulat ng mga batang nakabasa na o




*Ang kadenang ito ay puwedeng maging visual na paalala ng pag-unlad na nagmumula sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan.*

nakinig sa mga banal na kasulatan ang kanilang pangalan sa isang pirasong papel at maidaragdag ito sa kadenang papel. Sabihin sa kanila na habang nadaragdagan ang kadena, nadaragdagan din ang kanilang kaalaman tungkol sa mga banal na kasulatan. Pag-isipang itago ang kadena sa isang kahon ng "kayamanan" (puwede ring gamitin ang kahong ito para ituro kung ano ang kahulugan ng "papagyamanin" sa aktibidad sa itaas). Hikayatin ang mga bata na ibahagi ang kanilang mithiing pag-aralan ang mga banal na kasulatan sa kanilang mga pamilya.

## Linggo 3: Ang mga salita ni Cristo ay magsasabi sa atin ng lahat ng bagay na dapat nating gawin.


**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa isang object lesson):* Piringan ang isang bata. Pahawakan sa isa pang bata ang isang larawan ni Jesucristo sa isang lugar sa silid ng Primary. Pasubukan sa nakapiring na bata na hanapin ang larawan nang walang tulong. Ulitin ang aktibidad, ngunit sa pagkakataong ito ipahawak sa dalawang bata ang isang patpat, lubid, o tali na kumakatawan sa gabay na bakal mula sa nakapiring na bata papunta sa larawan ni Cristo. Pasundan sa bata ang lubid papunta sa larawan. Itanong: "Paano naging katulad ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan ang paghawak sa lubid?" (Tingnan sa 1 Nephi 15:23–25.) Ituro sa mga bata ang koro sa "Ang Bakal na Gabay" (*Mga Himno,* blg. 174). Magbahagi ng ilang halimbawa mula sa inyong buhay nang turuan kayo ng mga banal na kasulatan kung ano ang dapat ninyong gawin. Ipaliwanag kung paano kayo natulungan ng pagsunod sa mga turo sa mga banal na kasulatan na mas mapalapit sa Tagapagligtas.



*Ang mga object lesson ay tumutulong sa mga bata na maunawaan ang mga ideya sa simple at pamilyar na mga paraan (tingnan sa* PWHDT, *216).*

## Linggo 4: Malalaman ko na ang mga banal na kasulatan ay totoo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awit):* Magdala ng isa o mahigit pang mga bagay na mapag-aaralan ng mga bata sa pamamagitan ng paggamit ng ilan sa lima nilang pandamdam. Halimbawa, puwede kayong magdala ng isang prutas o bulaklak, o magpatugtog ng ilang musika. Bigyan ng pagkakataon ang ilang bata na makita, maamoy, mahipo, matikman, o marinig ang dinala ninyo. (Pag-isipang gawin ang aktibidad na ito sa maliliit na grupo para magkaroon ng pagkakataong makasali ang bawat bata.) Ipamalas na puwede rin nating makita, mahipo, maamoy, at marinig ang mga banal na kasulatan, ngunit para magkaroon ng patotoo tungkol sa mga ito kailangan nating tumanggap ng patotoo sa pamamagitan ng Espiritu. Ipakanta sa mga bata ang "Babasahin, Uunawain at Mananalangin" (*AAP,* 66). Hilingin sa kanila na pakinggan, habang kumakanta, ang tatlong bagay na magagawa natin para maanyayahan ang Espiritu na patotohanan na ang mga banal na kasulatan ay totoo. Ipagalaw sa mga bata ang kanilang mga kamay para sa mga salitang *babasahin, uunawain,* at *mananalangin.* Kantahin itong muli, gamit ang mga galaw kapalit ng mga salitang ito.



**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng damdamin):* Idispley ang isang larawan ni Moroni, at basahin ang Moroni 10:4–5. Ipabahagi sa ilang bata ang damdamin nila tungkol sa mga banal na kasulatan. Puwede rin nilang ibahagi ang ginagawa nila para makapagbasa ng mga banal na kasulatan sa tahanan. (Hilingan nang maaga ang ilang bata para may panahon silang maghanda.) Hikayatin ang mga bata na magbahagi ng kanilang mga patotoo tungkol sa mga banal na kasulatan sa kanilang mga magulang sa tahanan.

**Pagsasali sa lahat ng bata:** *Mag-isip ng mga paraan na matulungan ang lahat ng bata sa inyong Primary na magtagumpay sa pagbabasa ng kanilang mga banal na kasulatan sa buong taon. Halimbawa, ang mga batang walang suporta sa tahanan ay puwedeng bigyan ng mga pagkakataong magbasa sa simbahan at saka idagdag ang kanilang pangalan sa kadenang papel.*



**Maliliit na grupo:** *Ang pagsali sa maliliit na grupo ay nagbibigay ng mas maraming pagkakataong makasali ang mga bata (tingnan sa* PWHDT, *213). Nakaupo na ang mga bata sa mga grupo sa klase. Ang mga grupong ito ay maaaring magamit para sa mga aktibidad sa maliliit na grupo. Makakatulong ang mga guro sa klase na matiyak ang partisipasyon at mapanatili ang pagpipitagan.*

**Pebrero**

# Itinuturo ng mga Banal na Kasulatan ang Plano ng Ama sa Langit

**Awit: "Susundin Ko ang Plano ng Diyos"** (*AAP*, 86–87)

*"Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***



**Palalimin ang pag-unawa:** *Kapag ibinabahagi ng mga bata sa iba ang natututuhan nila sa Primary, pinapalalim nito ang kanilang pag-unawa at patotoo sa doktrina. Pag-isipang bigyan sila ng mga pagkakataong gawin ito sa klase, at hikayatin silang ibahagi ang natutuhan nila sa tahanan.*

## Linggo 1: May plano ang Ama sa Langit para sa akin.

**Tukuyin ang doktrina:** Ipakita sa mga bata ang larawan ng isang bahay. Ipaliwanag na kailangan ng mga tagapagtayo ang plano ng bahay bago nila ito maitayo. Itanong, "Bakit mahalagang gawin at sundin ang mga plano?" Ipakita ang mga banal na kasulatan, at sabihin sa mga bata na makikita natin ang plano ng Ama sa Langit para sa atin sa mga banal na kasulatan. Isulat sa pisara ang "May plano ang Ama sa Langit para sa akin." Basahin nang sabay-sabay ang pangungusap.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awit):* Isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong:

- Sino ako?
- Saan ako nanggaling?
- Bakit ako narito?
- Ano ang mangyayari sa akin pagkamatay ko?

Bigyan ng isang papel ang bawat bata na may nakasulat na isa sa sumusunod na mga salita: *sino, saan, bakit* o *ano*. Basahin nang sabay-sabay ang unang tanong na nasa pisara, at patayuin ang lahat ng batang may hawak ng salitang *sino*. Kantahin ang "Ako ay Anak ng Diyos" (*AAP*, 2–3), at itanong sa mga batang nakatayo kung paano nila sasagutin ang tanong. Ulitin ang bawat tanong, gamit ang sumusunod na mga awit: saan: "Sa Langit Ako'y Nanirahan" (*Liahona*, Oktubre 2010); bakit: "Susundin Ko ang Plano ng Diyos" (*AAP*, 86–87); ano: "Si Jesus Ba ay Nagbangon?" (*AAP*, 45). Magpatotoo na ang plano ng Ama sa Langit ay magpapasaya sa atin.

## Linggo 2: Nilikha ni Jesucristo ang daigdig para sa akin.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagdodrowing ng mga larawan):* Makipagpalitan ng kuru-kuro sa mga bata tungkol sa mga bagay na ginagawa nila na may kaayusan sa kanila, tulad ng pagtatali ng sintas ng sapatos o paghahandang matulog. Ipaliwanag na sa mga banal na kasulatan nalaman natin na nilikha ni Jesus ang daigdig na may tiyak na kaayusan. Hatiin ang mga bata sa anim na grupo at bigyan ang bawat grupo ng reperensya na banal na kasulatan na nagpapaliwanag sa isang araw ng Paglikha (tingnan sa Moises 2). Ipadrowing sa bawat grupo ang mga larawan ng kanilang araw ng Paglikha. Hayaang ipakita nila ang kanilang mga larawan sa iba pang mga bata at sabihin kung ano ang nalikha sa araw na iyon. Ipalagay sa mga bata ang mga larawan sa pisara sa tamang pagkakasunud-sunod.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro ng dough o pagdodrowing):* Itanong sa mga bata, "Ano ang isang bagay na nilikha ni Jesus na mahalaga sa inyo?" Bigyan ng kaunting masa na may asin ang bawat bata (tingnan sa *PWHDT*, 219, para sa resipe ng masa na may asin). Ipagamit sa mga bata ang dough para makalikha ng isang bagay na mahalaga sa kanila. (Kung walang makuhang masa na may asin, puwedeng idrowing na lang ng mga bata ang larawan nito.) Ipabahagi sa mga bata sa kanilang grupo sa klase kung ano ang nagawa o naidrowing nila at bakit ito mahalaga sa kanila. Kantahin ang "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit" (*AAP*, 16–17).

**Patotoo:** *Ang isang maikling patotoo ay mag-aanyaya sa Espiritu anumang oras ng aralin. Maaaring kasingsimple ito ng pagsasabing, "Alam ko na ang plano ng Ama sa Langit ay magpapaligaya sa atin," o puwedeng mas pormal na patotoo na may lengguaheng tulad ng "Nais kong ibahagi ang aking patotoo." (Tingnan sa* PWHDT*, 53–54.)*



## Linggo 3: Ang mga pamilya ay mahalaga sa plano ng Ama sa Langit.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsasaulo):* Isulat sa pisara ang mga sumusunod: "Ang mga pamilya ay mahalaga sa plano ng Ama sa Langit." Talakayin kung ano ang ibig sabihin ng pangungusap na ito. Burahin ang pangungusap. Sambitin ang unang dalawang salita, at ipaulit ang mga ito sa mga bata. Pagkatapos ay sambitin ang unang apat na salita, at ipaulit ang mga ito sa mga bata. Magpatuloy hanggang sa maulit ng mga bata ang buong pangungusap.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtatanong at pagsagot sa mga tanong):* Hilingan nang maaga ang ilang bata na kumatawan sa mga pamilya mula sa mga banal na kasulatan. Magbigay ng ilang clue tungkol sa bawat pamilya (halimbawa, Adan at Eva: "Ang aming pamilya ang pinakaunang pamilya sa daigdig"; Abraham at Sara: "Napakatanda na namin bago kami nagkaanak"; at Lehi at Saria: "Tinawid namin ang karagatan upang makarating sa lupang pangako"), at ibigay ang mga clue na ito sa mga bata. Maglaan ng mga simpleng costume, kung maaari. Palapitin ang mga batang gumaganap sa mga pamilya sa banal na kasulatan sa harapan ng klase, nang paisa-isang grupo. Ipabasa sa kanila ang kanilang mga clue at pahulaan sa iba pang mga batang Primary kung sino ang kanilang kinakatawan. Matapos matukoy ang bawat pamilya, ipakita sa mga bata kung saan nila malalaman ang tungkol sa pamilyang ito sa mga banal na kasulatan. Sabihin sa mga bata kung paano sinunod ng bawat pamilya ang plano ng Ama sa Langit para sa kanila.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay tungkol sa mga pamilya):* Magpaisip sa mga bata ng magagandang katangiang taglay ng kanilang pamilya. Ipabahagi sa kanila ang mga katangiang ito sa isa't isa sa mga grupo o sa buong Primary.



**Mag-akma ng mga aktibidad** *para sa mga edad ng mga bata sa inyong Primary (tingnan sa PWHDT, 143–53). Halimbawa, sa ikalawang aktibidad sa linggo 3, puwedeng magtanong ang nakatatandang mga bata sa mga grupo ng mga tanong na masasagot ng oo o hindi sa halip na pakinggan ang mga clue tungkol sa mga pamilya sa mga banal na kasulatan na kinakatawan nila.*

## Linggo 4: Susundin ko ang plano ng Diyos.


**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa isang object lesson):* Idispley ang ilang butil o maliliit na bato at isang garapong walang laman na may nakadrowing na mukhang nakangiti. Sabihin sa mga bata na ang plano ng Ama sa Langit ay nagbibigay sa atin ng kalayaang piliin ang tama o mali. Ipaliwanag na ang mabubuting pagpili ay humahantong sa kalayaan at kaligayahan, samantalang ang masasamang pagpili ay humahantong sa pagkabihag at kalungkutan (tingnan sa 2 Nephi 2:27). Itanong sa mga bata, "Anong mga utos ang sinusunod ninyo kapag sinusunod ninyo ang plano ng Diyos?" Bigyan ng isang butil ang bawat batang sasagot sa katanungan. Isulat sa pisara ang kanilang mga sagot. Ipabahagi sa bawat batang may butil kung paano hahantong sa kaligayahan ang pagsunod sa utos na binanggit niya. Pagkatapos ay ipalagay sa bata ang kanyang butil sa garapon. Magpatotoo na mapupuno natin ng kaligayahan ang ating buhay kung pipiliin nating sundin ang plano ng Diyos.



Mag-klik dito para sa masayang mukha.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paggawa ng mga bandera):* Maghanda ng malaking piraso ng papel na hugis-bandera para sa bawat klase. Isulat sa bawat bandera ang "Susundin ko ang plano ng Diyos sa pamamagitan ng . . ." Ipaliwanag na ang plano ng Ama sa Langit ay nagbibigay sa atin ng kalayaang piliin ang tama o mali, at ang pinipili nating gawin araw-araw ay mahalaga sa ating kaligayahan. Ipadrowing sa buong klase o ipasulat sa kanilang bandera ang mga bagay na magagawa nila upang sundin ang plano ng Ama sa Langit, at palagdaan ito sa kanila. Ipabahagi sa bawat klase ang idinrowing o isinulat nila sa kanilang bandera. Pagmartsahin ang mga bata sa paligid ng silid habang hawak ang kanilang mga bandera at kumakanta ng "Ako'y Magiging Magiting" (*AAP*, 85). Idispley ang mga bandera sa silid ng Primary.

Mag-klik dito para sa bandera.






*Ituon ang sigla ng mga bata sa pamamagitan ng angkop na paggalaw para manatili silang aktibo.*

**Marso**

**Awit: "Ang Tama'y Ipaglaban"** (*AAP*, 81)

# Nangungusap sa Atin ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng Kanyang mga Propeta

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***



**Pagpipitagan:** *Mas malamang na maging mapitagan ang mga bata kapag kasali sila sa pag-aaral. Maraming batang kasali sa mga aktibidad sa una at ikalawang linggo. Yaong mga hindi kasali sa dula-dulaan ay makakabahagi rin habang pinanonood nila ang kanilang mga kaklase. (Tingnan sa* PWHDT, *103–5.)*

## Linggo 1 at 2: Nagsasalita ang mga Propeta para sa Ama sa Langit.

**Tukuyin ang doktrina** *(panonood ng pagtatanghal):* Papuntahin ang isang bata sa harapan ng klase. Sabihin sa ibang mga bata na sundin ang kanyang mga sasabihin. Bulungan ng mga simpleng tagubilin ang bata, tulad ng, "Ipalagay mo ang mga kamay nila sa kanilang ulo" o "Sabihin sa kanila na pabulong na batiin ang isang taong katabi nila sa upuan." Ulitin na may iba pang ilang simpleng tagubilin, na nagtatapos sa "Pahalukipkipin sila." Itanong sa mga bata kung paano nila nalaman ang gusto mong ipagawa sa kanila. Ipaliwanag na isa sa mga paraan ng pagpapadala ng mga mensahe ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa mga tao sa mundo ay sa pagkausap sa Kanilang mga lingkod at pagkatapos ay pag-uutos sa kanila na kausapin ang mga tao. Itanong, "Sino ang mga lingkod na nagsasalita para sa Ama sa Langit at kay Jesus?" Pasagutin nang sabay-sabay ang mga bata ng, "Ang mga propeta ay nagsasalita para sa Ama sa Langit."

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagsasadula ng mga kuwento sa mga banal na kasulatan):* Bago mag-Primary, magdikit sa ilalim ng ilang silya ng larawan ng isang propeta at ilang reperensya na mga banal na kasulatan na nagsasabi kung ano ang ginawa o sinabi niya. Puwedeng ibilang sa mga halimbawa ang Noe (Genesis 6:13–14; 7:5, 7–10); Moises (Exodo 14:8–9, 13–14, 21–22); Samuel ang Lamanita (Helaman 14:1–8; 16:1–3); Joseph Smith (D at T 89). Patingnan sa mga bata ang ilalim ng kanilang upuan para hanapin ang mga larawan. Igrupu-grupo ang mga bata, na may isang larawan sa bawat grupo, at paghandain silang magtanghal ng isang dula-dulaan tungkol sa kanilang propeta. Pahulaan sa ibang mga grupo kung sinong propeta ang inilalarawan nila. Talakayin kung paano tinanggap ng mga tao ang mensahe ng propeta at ang mga resulta nito.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin):* Gumawa ng isang "Roleta ng mga Propeta" gaya ng nakapakita rito. Hatiin ang bilog sa walong bahagi, na bawat isa ay may pangalan ng isang propeta mula sa awiting "Propeta'y Sundin" (*AAP,* 58–59). Ipaikot sa isang bata ang roleta. Magbahagi ng maikling kuwento tungkol sa propeta na nakasaad sa roleta (gamitin ang mga reperensya na mga banal na kasulatan sa *AAP,* 59, para sa mga ideya). Pagkatapos ay kantahin ang linya tungkol sa propetang iyan sa "Propeta'y Sundin." Ipaikot sa isa pang bata ang roleta, at ulitin ang aktibidad hangga't may oras pa.




***Mag-klik dito para sa Roleta ng mga Propeta.***

## Linggo 3: Pinamumunuan tayo ngayon ng isang buhay na propeta.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa mga turo ng propeta):* Gupitin ang isang pirasong papel sa apat na bahagi at itakip ang mga ito sa isang larawan ng kasalukuyang propeta. Sa likod ng bawat piraso isulat ang isang turo ng propeta. (Sumangguni sa mga isyu ng kumperensya sa *Liahona* para malaman kung ano ang naging mensahe ng propeta kamakailan.) Ipaalis sa isang bata ang isang piraso ng papel at ipaakto ang turo. Pahulaan sa ibang mga bata ang ginagawa niya. Ulitin sa iba pang mga turo. Magpakita ng isang kopya ng





*Liahona* at ipaliwanag na mababasa natin ang mga salita ng propeta ngayon.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga ideya):* Patayuin ang isang bata at ipakumpleto sa kanya ang pahayag na ito: "Susundin ko ang buhay na propeta sa pamamagitan ng . . ." Ipaulit sa isa pang bata ang sinabi ng unang bata, na nagdaragdag ng ibang paraan ng pagsunod sa propeta. Magpatuloy hangga't may oras, na hinihikayat ang mga bata na ulitin ang pinakamaraming ideya ng iba pang mga bata na mauulit nila hangga't maaari.

## Linggo 4: May kaligtasan sa pagsunod sa propeta.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin at pakikinig sa mga kuwento):* Maghanda ng mga simpleng karatula sa daan na nagsasaad ng "Tumigil," "Bagalan," at "Magpatuloy." Pumili ng tatlong batang hahawak ng mga karatula, at sabihin sa kanila na itaas ang mga karatula kapag tinapik sila ng music leader sa balikat. Sabihin sa mga bata na ang ibig sabihin ng karatulang Magpatuloy ay magsimulang kumanta; ang karatulang Tumigil ay tumigil sa pagkanta; at ang karatulang Bagalan ay bagalan ang pagkanta. Kukumpasan ng music leader ang mga bata sa pagkanta ng "Ang Tama'y Ipaglaban" (*AAP*, 81).

Ipaliwanag na pinananatili tayong ligtas ng mga karatula sa daan at binabalaan tayo sa parating na panganib. Pagkatapos ay ipaliwanag na ang mga tagubilin ng propeta ay kagaya ng mga karatulang ito sa daan dahil pinoprotektahan at pinagpapala tayo ng Ama sa Langit kapag sinunod natin ang mga ito. Hatiin sa tatlong grupo ang mga bata. Sa bawat grupo, magpabahagi ng maikling kuwento sa isang lider o batang nakatatanda tungkol sa panahon na siya (o ang isang tao mula sa mga banal na kasulatan) ay naprotektahan sa pagsunod sa propeta. Pagkatapos ay papuntahin ang mga grupo sa isa pang lider para makinig sa isa pang kuwento. Ipakanta sa kanila ang koro ng "Propeta'y Sundin" habang lumilipat sila sa ibang lider. Patotohanan ang mga pagpapalang dumarating kapag sinusunod natin ang propeta.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paggawa ng mga karatula):* Pagdrowingin ang mga bata ng sarili nilang mga karatula sa daan at pasulatan ito sa kanila kung paano nila susundin ang mga turo ng mga buhay na propeta. Ipauwi sa kanila ang mga karatula para maipaalala nito sa kanila na sundin ang propeta.




*Mag-klik dito para sa mga hugis.*

## Mga tulong para sa Music Leader

Para matulungan ang mga bata na matutuhan ang "Ang Tama'y Ipaglaban" (*AAP*, 81), isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Idispley ang isang larawan ng kasalukuyang propeta at talakayin nang bahagya ang ilan sa mga tagubilin niya sa atin. Sabihin sa mga bata na ang awiting pag-aaralan nila ay nagpapaliwanag sa kahalagahan ng pagsunod sa propeta.
- Igrupu-grupo ang mga bata. Bigyan ang bawat grupo ng isa o dalawang linya ng awitin, at paglikhain sila ng isang galaw na makatutulong sa kanila na maalala ang mga salita. Ipaturo sa bawat grupo ang kanilang galaw sa ibang mga bata.

*Kapag nagtuturo ng awit sa mga bata, gamitin ang inyong kamay para ipakita sa kanila ang himig. Itaas o ibaba ang inyong kamay kapag nagbago ang tono (tingnan sa* PWHDT*, 229).*






*Mas malamang na ipamuhay ng mga bata ang mga doktrina kung makakaisip sila ng sarili nilang mga paraan na magawa ito. Nadarama rin ng mga bata ang pagmamahal at pagpapatibay kapag inulit ng mga guro at iba pang mga bata ang kanilang mga ideya.*




**Mga Awitin:** *Ang pagkanta tungkol sa isang doktrina ay makakatulong sa mga bata na matutuhan at maalala ito. Mas natututo rin ang mga bata kung sila ay may makitang visual o magtatanghal ng aktibidad na sinabayan ng musika. Ang mga mungkahi para sa buwang ito ay nagpapakita ng halimbawa ng ilang iba't ibang paraan ng paggawa nito. Pag-isipan ang mga ideyang kahalintulad ng mga ito sa pagpaplano ninyo ng iba pang mga aralin. (Tingnan sa* PWHDT*, 227–30.)*

Abril

# Si Jesucristo ang Aking Tagapagligtas at Manunubos

**Awiting pinili ninyo mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata***



**Ang pagsasaulo ng mga banal na kasulatan** *ay makakatulong sa mga bata na matutuhan ang mga doktrina ng ebanghelyo. Matutulungan ng Espiritu ang mga bata na maalala ang mga salitang ito kapag kailangan. (Tingnan sa* PWHDT, *226–27.)*

**Mga Awitin:** *Ang mga awitin sa Primary ay nagtuturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo sa paraang maaalala ng mga bata ang mga ito habambuhay (tingnan sa* PWHDT, *227–28).*



*"Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan silang maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Si Jesucristo ang pinili na maging Tagapagligtas natin.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsasaayos ng mga letra):* Isulat sa pisara ang "Si Jesucristo ang ______________ na maging Tagapagligtas natin." Ikalat ang mga letrang *p, i, n, i, l,* at *i* sa buong silid. Hayaang ayusin ng mga bata ang mga letra para makumpleto ang pangungusap. Ipabasa sa kanila ang Moises 4:2 para matingnan kung tama ang kanilang sagot. Basahin nang sabay-sabay ang pangungusap sa pisara.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin):* Maghanda ng tatlong wordstrip na nakasulat ang isa sa sumusunod na mga tanong tungkol sa "Sa Langit Ako'y Nanirahan" (*Liahona*, Oktubre 2010 sa bawat wordstrip:

1. Sino ang naglahad ng plano sa lahat ng nasa langit bago tayo pumarito sa lupa?
2. Sino ang nagsabi ng, "Ama, kal'walhatia'y sa Inyo"?
3. Ano ang nagapi ni Jesus sa pagsunod sa plano ng Ama?

Ipakanta sa mga bata ang unang linya ng awitin at patayuin sila kapag kinakanta na nila ang sagot sa unang tanong. Pagkatapos ay talakayin ang ilan sa iba pang mga bagay na natutuhan nila mula sa linyang ito. Pag-isipang kantahing muli ang linya matapos ninyo itong talakayin. Pagkatapos ay ulitin ang aktibidad sa iba pang mga linya at tanong.

## Linggo 2: Si Jesucristo ang perpektong halimbawa para sa akin.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsunod sa mga halimbawa):* * Pasunurin sa inyo ang mga bata sa paggawa ng ilang simpleng galaw, tulad ng pagpalakpak, pag-uunat ng inyong mga bisig sa inyong ulunan, o pagmamartsa sa kinatatayuan. Magpabanggit sa mga bata ng ilang bagay na natutuhan nila sa pagsunod sa halimbawa ng isang tao (halimbawa, paano ayusin ang higaan o laruin ang isang game). Isulat sa pisara ang "Si Jesucristo ang perpektong halimbawa para sa akin." Magpatotoo na si Cristo ang tanging taong nabuhay sa lupa na nakapagpakita ng perpektong halimbawang susundan natin. Ipabasa sa mga bata ang pangungusap nang sabay-sabay.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga ideya):* Idispley ang ilang larawan ni Jesus na minamahal at pinaglilingkuran ang iba. Isulat sa pisara ang "Minahal ni Jesus ang lahat" at "Pinaglingkuran ni Jesus ang lahat." Magdrowing ng puso at kamay sa ilalim ng mga pariralang ito. Sabihin sa mga bata na dapat nating sundin ang halimbawa ni Jesus sa pagmamahal at paglilingkod sa iba. Bigyan ng papel ang bawat bata at magpadrowing sa kanila ng puso o ipabakat ang kanilang kamay. Pagkatapos ay pagsulatin o pagdrowingin sila ng isang bagay na magagawa nila para sundin ang halimbawa ni Jesus. Ipabahagi sa mga bata ang kanilang mga ideya sa Primary at ipalagay ang kanilang mga papel sa tabi ng mga larawan ni Jesus. Kantahin ang "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*AAP*, 40–41).



## Linggo 3: Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsasaulo ng isang saligan ng pananampalataya):* Igrupu-grupo ang mga bata at bigyan ang bawat grupo ng isang parirala mula sa ikatlong saligan ng pananampalataya. Patayuin ang bawat grupo, sa tamang pagkakasunud-sunod, at ipaulit sa kanila ang kanilang parirala. Pagkatapos ay patayuin ang buong Primary at ipaulit sa kanila ang buong saligan ng pananampalataya.



**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa isang object lesson):* Magpatotoo na ang isang paraan na inililigtas tayo ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay inililigtas tayo nito mula sa kasalanan. Magpakita ng isang malinaw na basong may tubig sa mga bata at ipaliwanag na kumakatawan ito sa isang taong walang kasalanan. Patakan ng kaunting food coloring ang tubig. Ituro na kumalat na ang food coloring sa tubig kaya hindi na ito malinis. Ipaliwanag na kapag nagkakasala tayo, nagiging marumi tayo, gaya ng tubig na ito. Pagkatapos ay dagdagan ng kaunting patak ng likidong pampaputi para luminis muli ang tubig. Ipaliwanag na kapag nagsisi tayo, nililinis tayo ng Pagbabayad-sala mula sa kasalanan at pinatatawad tayo. Magpakita ng larawan ni Cristo sa Getsemani. Ipabahagi sa mga bata ang nalalaman nila tungkol sa larawan. Patotohanan ang pagmamahal sa atin ni Jesucristo at ang Kanyang kahandaang bayaran ang ating mga kasalanan.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay sa pagsisisi):* Gamit ang ilan sa mga pamamaraan sa pagtuturo na ipinakita sa buklet na ito, ituro sa mga bata ang tungkol sa pagsisisi, na kinabibilangan ng damdaming malungkot, paghingi ng kapatawaran, pagtama sa ginawang mali, at hindi na pag-ulit sa mali (tingnan sa *Primarya 3,* 55–59).




*Makukuha ang ipinintang larawan sa sharingtime.lds.org*


**Ang mga object lesson** *ay magagamit upang makawili, maituon ang pansin ng mga bata, o maipakilala ang isang alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa* PWHDT, *216). Kung wala kayo ng mga materyal na kailangan para sa object lesson na inilarawan sa linggo 3, pag-isipang gamitin ang mga materyal na makukuha ninyo. Halimbawa, puwede ninyong hugasan ng sabon ang maruming kamay para luminis ito.*

## Linggo 4: Si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli, at gayon din ako.


**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabahagi ng mga kuwento sa mga banal na kasulatan):* Gumamit ng mga larawan upang ikuwento nang maikli ang kamatayan ni Jesus (tingnan sa Mateo 27:33–60; Marcos 15:22–46; Lucas 23:33–53; Juan 19:17–42). Ipaisip sa mga bata kung ano kaya ang pakiramdam ng pamilya at mga kaibigan ni Jesus nang mamatay Siya. Maaga pa lang, hilingin sa ilang bata (o matanda) na magpunta sa Primary na handang magkuwento tungkol sa isa sa mga saksi sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo, katulad nina Maria Magdalena (tingnan sa Juan 20:11–18), Pedro at Juan (tingnan sa Juan 20:2–10), mga disipulo (tingnan sa Juan 20:19–22; Lucas 24:33–53), Tomas (tingnan sa Juan 20:24–29), at mga Nephita (tingnan sa 3 Nephi 11:8–17). Bigyan sila ng mga name tag na tumutukoy kung tungkol kanino ang ikinukuwento nila.











*"Madalas na mas madaling maunawaan ang isang alituntunin ng ebanghelyo kapag ito ay inilalahad bilang bahagi ng isang kuwento sa mga banal na kasulatan"* (PWHDT, *67).*



**Mayo**

# Naipanumbalik ang Simbahan ni Jesucristo

**Awit: "Purihin ang Propeta," linya 1 at 3** (*Mga Himno,* blg. 21)

*"Nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

*Mag-klik dito para sa mga finger puppet.*



**Iba't ibang grupo ng magkakaedad:** *Planuhin ang inyong mga oras ng pagbabahagi para maisali kapwa ang nakatatanda at nakababatang mga bata. Halimbawa, sa ikalawang aktibidad sa linggo 1, puwede kayong gumamit ng mga finger puppet para matulungan ang nakababatang mga bata na maalala ang bawat titulo. Sa aktibidad sa linggo 2, puwede ninyong igrupo ang nakababatang mga bata ayon sa klase at pakuwentuhan sila sa mga guro at pagkatapos ay magbalik-aral sa pamamagitan ng pagturo sa mga larawan at pagtatanong.*

## Linggo 1: Naipanumbalik ang Simbahan ni Jesucristo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pag-aaral ng isang saligan ng pananampalataya):* Bago mag-Primary, isulat sa pisara ang ikaanim na saligan ng pananampalataya. Papikitin ang mga bata. Sabihin sa kanila na pagkamatay ni Jesucristo, naging masama ang mga tao at ang Kanyang ebanghelyo at priesthood ay inalis mula sa lupa. Ipaliwanag na tinatawag itong Apostasiya, at ang mga tao noon ay nasa espirituwal na kadiliman—kagaya ng pagpikit ng kanilang mga mata sa espirituwal—hanggang ipanumbalik ni Jesus ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ni Joseph Smith. Magpakita ng isang larawan ng Unang Pangitain, at pagmulatin ang mga bata. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang ikaanim na saligan ng pananampalataya sa sabay-sabay na pagbasa nila rito nang malakas. Burahin ang ilang salita, at ulitin hanggang burado na ang lahat ng salita at naisaulo na ng mga bata ang saligan ng pananampalataya.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro ng pagtutugma):* Gumawa ng mga wordstrip para sa bawat tungkuling makikita sa tsart sa ibaba. Isulat sa pisara ang mga titulo ng katungkulan tulad ng nakasaad, at mag-iwan ng blangkong hanay sa gitna para sa mga tungkulin. Hatiin sa limang grupo ang mga bata, at bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga wordstrip ng "Mga Tungkulin." Ipalagay sa bawat grupo ang kanilang wordstrip sa tamang lugar sa pisara. Ituro na ang ipinanumbalik na Simbahan ay may kaparehong mga lider na katulad ng Simbahan noong narito si Jesucristo sa lupa.

| TITULO SA SINAUNANG SIMBAHAN | MGA TUNGKULIN | TITULO SA IPINANUMBALIK NA SIMBAHAN |
|---|---|---|
| Apostol | Maging natatanging saksi ni Jesucristo | Apostol |
| Propeta | Sinasabi ang kalooban ng Ama sa Langit | Propeta |
| Pastor | Namumuno sa isang maliit na grupo ng mga Banal | Bishop |
| Guro | Nagtuturo ng ebanghelyo | Teacher |
| Evangelista | Nagbibigay ng mga espesyal na basbas | Patriarch |


*Mag-klik dito para sa mga wordstrip.*



## Linggo 2: Si Joseph Smith ang propeta ng Panunumbalik.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabahagi ng mga larawan at kuwento mula sa mga banal na kasulatan):* Magtipon ng mga larawan ng mga kaganapan mula sa Panunumbalik ng Simbahan. Hatiin ang pangungusap na "Si Joseph Smith ang propeta ng Panunumbalik" sa maraming bahagi na kasindami ng mga larawan ninyo, at maghanda ng isang wordstrip para sa bawat salita o parirala (tingnan sa halimbawa). Igrupu-grupo ang mga bata, at bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga wordstrip, larawan, at reperensya na mga banal na kasulatan na naglalarawan kung ano ang nangyayari sa larawan. Ipabasa sa mga bata ang mga banal na kasulatan at talakayin kung ano ang nangyayari sa larawan. Pagkatapos ay ipabahagi sa bawat grupo ang kanilang kuwento sa Primary. Talakayin ang ginagampanan ni Joseph Smith sa bawat kaganapan, at ipaisip sa mga bata kung paano nakaapekto o nakakaapekto ang kaganapan sa kanilang buhay. Ilagay

| Si | Joseph | Smith | ang | propeta ng | Panunumbalik. |
|---|---|---|---|---|---|
| *JS—K 1:5–13* | *JS—K 1:14–20* | *JS—K 1:30–35* | *JS—K 1:34–35, 67* | *JS—K 1:68–73* | *D at T 109:2–4* |





[***Mag-klik dito para sa mga wordstrip at larawan.***]

sa pisara ang bawat larawan at wordstrip nang sunud-sunod. Kapag nasa pisara na ang lahat ng wordstrip, basahin nang sabay-sabay ang pangungusap.

## Linggo 3: Ang Aklat ni Mormon ay isa pang tipan ni Jesucristo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Basahin nang sabay-sabay ang pamagat ng Aklat ni Mormon mula sa pahina ng pamagat. Basahin nang malakas ang sumusunod na mga banal na kasulatan, at ipataas sa mga bata ang kanilang mga kamay kapag narinig nila ang ibang mga titulo ng Tagapagligtas: 2 Nephi 19:6; Alma 5:38; 3 Nephi 5:26. Kapag natukoy ng mga bata ang mga titulo, isulat sa pisara ang mga ito. Pumili ng ilang titulo, at ipaliwanag kung paano ginagampanan ng Tagapagligtas ang mga tungkuling iyon.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paggawa ng mga pananda [bookmark]):* Bigyan ang bawat bata ng isang bookmark na may nakasulat na "Ang Aklat ni Mormon ay isa pang tipan ni Jesucristo." Padekorasyunan sa kanila ang bookmark at ipagamit ito sa kanilang mga banal na kasulatan. Pag-isipang ipaulat sa ilang bata ang kanilang mithiin na makagawiang pag-aralan nang regular ang mga banal na kasulatan (tingnan sa Enero, linggo 2). Puwede ninyong ipabahagi sa kanila ang kanilang damdamin tungkol sa nabasa nilang mga talata sa banal na kasulatan.




[***Mag-klik dito para sa mga bookmark.***]

## Linggo 4: Ang priesthood ay naipanumbalik.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa isang object lesson):* Magpakita ng isang bagay sa mga bata na pinaaandar ng kuryente. Pagkatapos ay ipakita na hindi ito gagana nang walang kuryente. Pahawakan sa isang bata ang isang larawan ni Cristo na inoorden ang Kanyang mga Apostol. Ipaliwanag na hindi gagana ang Simbahan ni Cristo nang walang kapangyarihan ng priesthood. Ipatago sa bata ang larawan sa kanyang likuran. Ipaliwanag na pagkamatay ng mga Apostol ni Cristo, nawala ang awtoridad ng priesthood. Pahawakan sa isa pang bata ang larawan ng panunumbalik ng priesthood. Magpatotoo na ipinanumbalik ng Diyos ang priesthood sa pamamagitan ni Joseph Smith.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta at paglalaro ng pagtutugma):* Ipabasa sa isang bata ang D at T 107:1, at iparinig sa mga bata ang mga pangalan ng dalawang priesthood. Maglagay sa pisara ng isang larawan ng panunumbalik ng Aaronic Priesthood at isang larawan ng panunumbalik ng Melchizedek Priesthood. Isulat ang *Aaronic* o *Melchizedek* sa ibabaw ng angkop na larawan. Talakayin kung sino ang nagpanumbalik, o nagbalik, ng bawat isa sa mga priesthood na ito kay Joseph Smith (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:72). Magpakita ng ilang larawan ng mga ordenansa ng priesthood sa mga bata, tulad ng binyag, kumpirmasyon, pagpapasa ng sacrament, pagbabasbas ng sacrament, at pagpapagaling sa maysakit. Ipasa-pasa sa mga bata ang mga larawan habang kinakanta nila ang "Ang Pagkasaserdote ay Naipanumbalik" (*AAP,* 60). Itigil-tigil ang tugtog, at patayuin ang mga batang may hawak ng mga larawan sa tabi ng mga salitang *Aaronic* o *Melchizedek* upang ipakita ang kapangyarihang kailangan para maisagawa ang ordenansang iyon. Ulitin kung may oras pa.



**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagsulat ng maikling pasasalamat [thank-you note]):* Ipaisip sa mga bata kung paano sila nabiyayaan ng priesthood. Pagawin sila ng thank-you card o larawang ibibigay sa isang maytaglay ng priesthood na kilala nila (tulad ng isang bishop, guro, ama, o misyonero).

**Pagbabahagi ng mga damdamin:** *Bigyan ng mga oportunidad ang mga bata na ibahagi ang kanilang damdamin tungkol sa ebanghelyo. Aanyayahan nito ang Espiritu at patitibayin ang pag-unawa ng mga bata sa kung paano nila ipamumuhay ang doktrina. (Tingnan sa* PWHDT, *78–81.)*



*Makukuha ang ipinintang larawan sa sharingtime.lds.org*

*Sa aktibidad sa linggo 4, may oportunidad kayong suriin kung may naunawaan ang mga bata. Mapapatibay ng pag-uulit ang konsepto sa kanilang isipan.*

**Hunyo**

**Awiting pinili ninyo mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata***



**Pag-uulit:** *Natututo ang mga bata sa pamamagitan ng pag-uulit. Pag-isipang gamitin pa ang object lesson sa linggo 1 para mapatibay ang alituntunin ng pananampalataya. Itanim ang mga buto sa isang paso, at dalhin ang lumalaking halaman sa Primary paminsan-minsan. Sabihin sa mga bata kung ano ang nagawa ninyo para mapalaki ang halaman. Ihambing ang pangangalaga sa binhi sa pangangalaga sa pananampalataya kay Jesucristo.*


# Makakapiling Kong Muli ang Diyos Dahil sa mga Pangunahing Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo

*"Naniniwala kami na ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo ay: una, Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; pangalawa, Pagsisisi; pangatlo, Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; pang-apat, Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Ang pananampalataya kay Jesucristo ay umaakay sa atin na mahalin Siya, pagtiwalaan Siya, at sundin ang Kanyang mga utos.

**Tukuyin ang doktrina at maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa isang object lesson at pagkanta ng isang awitin):* Isulat sa pisara ang "Ang pananampalataya kay Jesucristo ay umaakay sa atin na mahalin Siya, pagtiwalaan Siya, at sundin ang Kanyang mga utos." Magpakita ng ilang buto ng halaman sa mga bata. Itanong: "Ano ang maaaring kahinatnan ng mga butong ito?" "Paano ninyo nalaman na tutubo ang mga butong ito?" "Ano ang dapat nating gawin para tumubo ang mga ito?" Ipaliwanag na ang ating pananampalataya kay Jesucristo, gaya ng isang buto, ay lalago kung pangangalagaan natin ito. Talakayin ang mga bagay na magagawa natin para lumago ang ating pananampalataya, at ipaliwanag kung paano tayo aakayin ng mga bagay na ito na mahalin at pagtiwalaan si Jesucristo at sundin ang Kanyang mga utos. Kantahin ang "Pananalig" (*AAP,* 50–51). Gumawa ng mga simpleng galaw sa kamay na isasabay sa unang linya.



*Makukuha ang ipinintang larawan sa sharingtime.lds.org*

## Linggo 2: Ang pagsisisi ay naghahatid ng kapatawaran.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Ipabuklat sa mga bata ang kanilang mga banal na kasulatan at ipabasa ang Doktrina at mga Tipan 58:42–43. Ipatukoy sa kanila kung ano ang nangyayari kapag nagsisi tayo sa ating mga kasalanan. (Kung maaari, pamarkahan sa mga bata ang mga talatang ito sa kanilang mga banal na kasulatan.) Maikling ikuwento sa mga bata ang tungkol kay Enos (tingnan sa Enos 1:1–4), at ipabasa sa isang bata ang Enos 1:5–8. Magpatotoo na dahil sa Pagbabayad-sala ni Cristo mapapatawad tayo sa ating mga kasalanan.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(dula-dulaan):* Ipaliwanag na ang mga taong nagsisi at napatawad sa kanilang mga kasalanan ay may hangaring maglingkod sa Diyos. Hatiin sa tatlong grupo ang mga bata, at bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga sumusunod na larawan at reperensya na mga banal na kasulatan: Nagbibinyag si Alma sa mga Tubig ng Mormon (Mosias 17:2–4; 18:1–17); Jonas (Jonas 1–3); ibinabaon ng mga Anti-Nephi-Lehi ang kanilang mga espada (Alma 23:4–18; 24:6–19). Ipaliwanag na ang mga kuwentong ito ay nagsasalaysay tungkol sa mga taong nagsisi sa kanilang mga kasalanan at naglingkod sa Panginoon. Iparepaso sa bawat grupo ang mga banal na kasulatan at magpahanda at magpatanghal ng dula-dulaan na nagpapakita kung paano nagsisi ang mga taong ito at pagkatapos ay naglingkod sa Panginoon (sa pamamagitan ng pagtuturo ng ebanghelyo, pagmimisyon, at pagtangging makipaglaban).

## Linggo 3: Kapag ako ay bininyagan, nakikipagtipan ako sa Diyos.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa isang object lesson):* Papuntahin ang isang bata sa harapan ng klase at ipaunat ang kanyang mga bisig. Pagkatapos ay lagyan ng isang aklat ang bawat kamay. Basahin ang Mosias 18:7–11. Ipaliwanag na isa sa mga tipang ginagawa natin kapag tayo ay bininyagan ay ang "magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan." Itanong sa batang may hawak ng mga aklat kung nangangawit na siya. Patulungin ang dalawa pang bata na maitaas ang kanyang mga bisig. Talakayin ang ilang pasaning maaaring taglay ng mga bata, tulad ng tinutukso, maysakit, nalulumbay, o nahihirapan sa eskuwela. Itanong sa mga bata kung paano sila makakatulong na mapagaan ang mga pasanin ng isa't isa.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro ng isang game):* Sabihin sa mga bata na binyag ang daan na humahantong sa landas tungo sa buhay na walang hanggan (tingnan sa 2 Nephi 31:17). Sa isang panig ng silid maglagay ng larawan ng isang batang binibinyagan. Sa kabilang panig ng silid maglagay ng larawan ng Tagapagligtas, at ipaliwanag na sa aktibidad na ito ay kinakatawan ng larawang ito ang buhay na walang hanggan. Sabihin sa mga bata na nananatili tayo sa landas tungo sa buhay na walang hanggan kapag tinutupad natin ang ating mga tipan sa binyag. Balikaralan sandali ang mga tipang ito (pag-alaala kay Jesucristo, pagsunod sa mga kautusan, at pagtulong sa iba). Bigyan ang bawat bata ng isang papel na may nakadrowing na kalasag na PAT. Pasulatin ang mga bata sa kanilang papel ng isang utos na makakatulong sa kanila na matupad ang kanilang mga tipan sa binyag (maaari silang magdrowing ng mga larawang kakatawan sa utos na pinili nila). Ipalagay sa isang bata ang kanyang papel sa sahig sa pagitan ng dalawang larawan. Kung maaari, tulungan ang mga bata na makita ang kautusan sa kanilang mga banal na kasulatan at basahin ito nang sabay-sabay. Ulitin hanggang makagawa ng isang landas ang mga bata sa pagitan ng mga larawan.

Mag-klik dito para sa logo.



*Ang paggamit sa mga bata sa mga visual na pagtatanghal ay magpapatuon ng kanilang atensyon at maghahanda sa kanila para matuto. Halimbawa, ang aktibidad na ito ay nagtatanghal ng mga batang nagpapakita ng konsepto ng pagpasan sa mga pasanin ng isa't isa.*

## Linggo 4: Ang Espiritu Santo ang umaaliw at gumagabay sa akin.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Igrupu-grupo ang mga bata, at bigyan ang bawat grupo ng isang papel na may sumusunod na mga banal na kasulatan:

- "Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, ipagkakaloob ko sa iyo ang aking Espiritu, na siyang magbibigay-liwanag sa iyong isipan, na siyang magpupuspos sa iyong kaluluwa ng __________" (D at T 11:13).
- "Kung kayo ay papasok sa daan, at tatanggapin ang Espiritu Santo, iyon ang __________ sa inyo ng lahat ng bagay na nararapat ninyong gawin" (2 Nephi 32:5).
- "Ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, . . . ang __________ sa inyo ng lahat ng mga bagay, at __________ ng lahat na sa inyo'y aking sinabi" (Juan 14:26).
- "Magtiwala ka sa Espiritung yaon na nag-aakay sa paggawa ng __________—oo, ang gumawa ng makatarungan, lumakad nang may pagpapakumbaba, __________ __________; at ito ang aking Espiritu" (D at T 11:12).
- "At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo __________ __________ __________ ng lahat ng bagay" (Moroni 10:5).

Ipahanap sa mga bata ang mga banal na kasulatan at papunan ang mga patlang. Pagkatapos ay ipatalakay sa kanila ang itinuturo ng mga banal na kasulatang ito kung paano tayo matutulungan ng Espiritu Santo. Magpabahagi sa kanila ng mga karanasan na natulungan sila ng Espiritu Santo.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagkanta ng isang awitin):* Sabihin sa mga bata na tinutulungan tayo ng Espiritu Santo sa maraming paraan. Kantahin ang "Ang Espiritu Santo" (*AAP*, 56). Ipataas sa mga bata ang kanilang kamay kapag kumanta sila tungkol sa paraan na matutulungan sila ng Espiritu Santo. Pahintuin ang pag-awit at talakayin kung ano ang natutuhan nila tungkol sa Espiritu Santo. Magpatuloy sa pagkanta at pagtalakay. Magbahagi ng isang pangyayari na naaliw at nagabayan kayo ng Espiritu Santo.

Mag-klik dito para sa handout.

**Mga banal na kasulatan:** *Mahalagang matutuhan ng mga bata ang mga katotohanan ng ebanghelyo mula sa mga banal na kasulatan (tingnan sa* PWHDT, *61–62). Ipaturo sa mga bata ang bawat salita habang binabasa ninyo nang malakas ang banal na kasulatan. Hilingin sa maliliit na bata na pakinggan ang isang partikular na salita o parirala at itaas ang kanilang kamay kapag narinig nila ito.*

# Ang Templo ay Bahay ng Diyos

**Hulyo**

*"Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga taong makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," talata 3).*

**Awit: "Templo'y Ibig Makita"**
(*AAP*, 99)

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***



*Makukuha ang larawan sa sharingtime.lds.org*

## Linggo 1: Iniutos ng Diyos sa Kanyang mga tao na magtayo ng mga templo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkanta ng isang awitin):* Idispley ang larawan ng isang templo at isulat sa pisara ang "Ang templo ay __________." Ipakanta sa mga bata ang unang linya ng "Templo'y Ibig Makita" (*AAP*,99). Sabihin sa kanila na humudyat kapag kinanta nila ang pariralang kumukumpleto sa pangungusap sa pisara sa pamamagitan ng paghalukipkip. Itanong sa kanila kung ano ang templo (bahay ng Diyos). Tulungan ang mga bata na hanapin ang "Templo, Bahay ng Panginoon" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan (mga pahina 246–47). Tulungan silang humanap ng mga pahayag na nagpapaliwanag na ang templo ay literal na bahay ng Panginoon at na noon pa man ay iniutos na ng Diyos sa Kanyang mga tao na magtayo ng mga templo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro ng hulaan):* Maghanda ng mga clue tungkol sa mga templong itinayo nina Moises (tingnan sa Exodo 25:1–2, 8–9), Nephi (tingnan sa 2 Nephi 5:16), at Joseph Smith (tingnan sa D at T 124:31) at ng mga sumusunod sa kanila. Halimbawa: "Ang aming templo ay tinatawag na tabernakulo, at inililipat namin ito tuwing maglalakbay kami" (Moises) o "Nagtayo kami ng templo matapos naming lisanin ang Jerusalem at tawirin ang dagat" (Nephi). Pumili ng tatlong batang kakatawan sa mga propetang ito, at ipabasa sa kanila ang kanilang mga clue sa Primary. Pahulaan sa ibang mga bata kung sino ang kinakatawan ng bawat bata. Matapos nilang mahulaan ito nang tama, ipakita ang larawan ng propeta o templong itinayo niya at ng kanyang mga tao.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay sa mga templo):* Ipakita ang larawan ng templong pinakamalapit sa tirahan ninyo. Talakayin ang sumusunod na mga tanong: Sa palagay ninyo, bakit iniutos ng Diyos na magtayo tayo ng mga templo? Ano ang magagawa ninyo para makapaghanda sa pagpunta sa templo balang araw?

**Paghingi ng mga tugon:** *Ang mga bata ay mas malamang na tumugon sa mga tanong kung bibigyan sila ng panahong makapag-isip. Pag-isipang sabihin sa kanila na bibigyan ninyo sila ng panahong makapag-isip bago hingin ang kanilang tugon. (Tingnan sa* PWHDT*, 85.)*

## Linggo 2: Ang mga pamilya ay pinagpapala sa pamamagitan ng mga sagradong ordenansa sa templo.




**Tukuyin ang doktrina** *(pagsasaayos ng mga salita at pagkanta ng isang awitin):* Ipabasa sa isang nakatatandang bata ang huling dalawang pangungusap mula sa talata 3 ng "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" sa Primary. Ilagay ang bawat isa sa sumusunod na mga salita at parirala sa magkakahiwalay na piraso ng papel: *Ang templo ay, isang banal na lugar, kung saan tayo, ibinubuklod, nang sama-sama.* Ilagay sa pisara ang mga ito nang hindi sunud-sunod. Ipalipat sa isang bata ang isang piraso ng papel sa tamang lugar. Magpatuloy hanggang sa maayos na mapagsunud-sunod ang mga salita. Kantahin ang ikalawang linya ng "Templo'y Ibig Makita," at hilingin sa kalahati ng mga bata na pakinggan ang dalawang bagay na ginagawa natin sa templo (mangangakong susunod) at ang isa pang kalahati na pakinggan

*Malinaw na tukuyin ang doktrinang itinuturo ninyo. Nakakatulong ito upang maunawaan at higit itong maipamuhay ng mga bata.*

[***Mag-klik dito para sa mga wordstrip.***]

ang isang katotohanang natutuhan nila (pamilya'y walang hanggan). Tulungan ang mga bata na maunawaan na kapag nabuklod sila sa kanilang pamilya sa templo ay maaari silang magkasama-sama magpakailanman.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga damdamin at pagdodrowing ng mga larawan):* Ipabahagi sa isang pamilya o ilang bata kung ano ang pakiramdam nila kapag bumibisita sila sa bakuran ng templo o paano sila napagpala dahil sa mga ordenansa sa templo at pagbubuklod. Ipadrowing sa mga bata ang larawan ng kanilang pamilya sa labas ng templo.

**Mahalin ang mga tinuturuan ninyo:** *Habang nagtuturo kayo tungkol sa mga walang hanggang pamilya, maging sensitibo sa mga batang walang ama o ina sa kanilang tahanan. Maging sensitibo rin sa mga batang di-gaanong aktibo o hindi miyembro ng Simbahan ang mga magulang o kapatid. Hikayatin ang lahat ng bata na mamuhay nang marapat at maghanda para magkaroon sila ng sariling pamilya balang araw na walang hanggan din. (Tingnan sa* PWHDT, *39–40.)*

## Linggo 3: Ang mga pioneer ay nagsumikap at nagsakripisyo para makapagtayo ng mga templo.


**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga panauhing tagapagsalita):* Magtipon ng impormasyon tungkol sa pagtatayo ng Kirtland Temple at Salt Lake Temple at, kung maaari, ng templong pinakamalapit sa tirahan ninyo. (Tingnan sa *Primarya 5,* mga aralin 25 at 44 o sa LDS.org para sa impormasyon tungkol sa Kirtland Temple at Salt Lake Temple.) Papuntahin ang ilang adult sa Primary at ipabahagi ang impormasyon sa mga bata. Igrupu-grupo ang mga bata, at hayaang maghalinhinan ang mga grupo sa pakikipag-usap sa bawat adult. Ipakanta sa mga bata ang "Templo'y Ibig Makita" habang lumilipat sila sa ibang panauhing tagapagsalita.



*Maaaring kailanganin ninyong iakma ang mga aktibidad sa mga pangangailangan ng inyong Primary. Halimbawa, kung malaki ang inyong Primary, maaari ninyong paglipat-lipatin ang mga panauhing tagapagsalita sa mga grupo sa halip na palipatin ang mga bata sa bawat tagapagsalita (tingnan sa* PWHDT, *235).*

## Linggo 4: Maaari akong maghandang maging karapat-dapat na makapunta sa templo.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagtalakay at pagtuturo sa iba):* Idispley ang "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo" at ipaliwanag na ang pagsunod sa mga pamantayang ito ay makakatulong sa atin na maging karapat-dapat na makapunta sa templo. Hatiin sa mga grupo ang mga bata. Ipatalakay sa guro sa bawat grupo ang mga pamantayang makakatulong sa mga bata na maghandang makapunta sa templo at magpatotoo kung paano nakatulong sa kanya ang pamumuhay ayon sa mga pamantayan. Papiliin ang bawat grupo ng isa sa mga pamantayan ng ebanghelyo at pagkatapos ay isulat o idrowing ang kanilang tapat na pangakong sundin ang pamantayang iyon. Anyayahan ang bishop o branch president sa Primary, at hayaang ibahagi sa kanya ng bawat grupo ang kanilang tapat na pangako. Anyayahan ang bishop o branch president na ibahagi ang kanyang patotoo tungkol sa kahalagahan ng mga templo.



***Mag-klik dito para sa poster.***

**Taunang Hamon:** *Alalahaning bigyan ng mga oportunidad ang mga bata na ibahagi ang kanilang natututuhan mula sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan (tingnan sa Enero, linggo 2).*

**Agosto**

# Ang Aking Katawan ay Templo ng Diyos

**Awit: "Ang Diyos sa Akin ay Nagbigay ng Templo"**
(*AAP*, 73)




*"Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo? . . . Ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito ay kayo" (I Mga Taga Corinto 3:16–17).*


***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan silang maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Ang aking katawan ay isang templo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtalakay sa mga templo):* Bago mag-Primary, isulat sa pisara ang pariralang "Kayo'y templo ng Dios" (I Mga Taga Corinto 3:16). Magpakita sa mga bata ng mga larawan ng mga templo at itanong sa kanila kung bakit napakaespesyal ng templo (ito ang bahay ng Panginoon, malinis, alagang-alaga, at isang lugar na pupuntahan ng Espiritu Santo). Isulat sa pisara ang kanilang mga tugon. Ipaliwanag na ang ating katawan, tulad ng mga templo, ay sagrado at kailangang tratuhin nang may paggalang sa sarili at ng iba.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagsagot sa mga tanong at pagkukulay):* Kopyahin ang larawan sa pahina 47 ng manwal ng nursery, *Masdan ang Inyong mga Musmos*. Gupitin ang mga bilog sa larawan, at ilagay ang mga ito sa isang lalagyan. Papiliin ng isa sa mga bilog ang isang bata. Itanong sa mga bata kung paano ipinaaalala sa kanila ng larawan na tratuhin ang kanilang katawan na parang mga templo. Bigyan ng kopya ng larawan ang bawat bata, at pakulayan ito sa kanila. Pasulatin ang nakatatandang mga bata ng isang bagay sa ilalim ng bawat bilog na gagawin nila sa linggong ito upang matrato ang kanilang katawan na parang mga templo. Ipauwi sa mga bata ang kanilang mga larawan para ituro sa kanilang pamilya kung paano nila matatrato ang kanilang katawan na parang mga templo.



**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay sa mga pamantayan ng ebanghelyo):* Idispley ang isang kopya ng "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo." Ipatukoy sa mga bata kung aling mga pamantayan ng ebanghelyo ang nagtuturo sa kanila kung paano tratuhin ang kanilang katawan na parang mga templo. Pabalingin ang mga bata sa kanilang katabi at pagbahaginin sila ng isang paraan na tinatrato nila ang kanilang katawan na parang isang templo. Pagkatapos ay magpaisip sa kanila ng isang paraan na magpapahusay sa kanila. Ipabahagi sa ilang bata ang kanilang mga ideya sa lahat.

***Mag-klik dito para sa poster at pahina ng manwal sa nursery.***

**Mga kopya:** *Kung hindi kayo makapagpakopya, puwede ninyong patungan ng simpleng papel ang ibabaw ng mga larawan at bakatin ang mga ito, o i-print ang mga ito mula sa LDS.org.*

## Linggo 2: Ang pananamit nang disente ay nagpapakita ng paggalang sa Ama sa Langit at sa aking sarili.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbabasa ng isang banal na kasulatan at isang pamantayan ng ebanghelyo):* Ipabuklat sa mga bata ang I Mga Taga Corinto 3:16 at sabay-sabay ninyong basahin nang malakas ang banal na kasulatan. Sabihin sa mga bata na isa sa mga paraan na matatrato natin ang ating katawan na parang mga templo ay sa pananamit nang disente. Idispley ang "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo," at ipabasa nang malakas sa mga bata ang pamantayang nagsasabing, "Mananamit ako nang disente para magpakita ng paggalang sa Ama sa Langit at sa aking sarili."

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa kadisentehan at paglalarawan ng mga poster):* Talakayin kung ano ang ibig sabihin ng pananamit nang disente (tingnan sa bahaging "Pananamit at





**Iakma ang mga aktibidad** *sa mga pangangailangan ng inyong Primary (tingnan sa* PWHDT, *143–53). Halimbawa, maaari ninyong iakma ang ikalawang aktibidad sa linggo 2 para sa mas malaking Primary sa pagpapasulat o pagpapadrowing sa bawat bata ng isang ideya sa maliit na papel. Pagkatapos ay ikabit ang lahat ng papel sa mga poster.*


Kaanyuan" ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan*). Maghanda ng ilang poster na may nakasulat sa bandang itaas na "Mananamit ako nang disente sa pamamagitan ng . . .." Igrupu-grupo ang mga bata, at ipasulat sa bawat grupo ang kanilang tapat na pangakong manamit nang disente o magpadrowing ng larawan nila na nakadamit nang disente sa isa sa mga poster. Idispley ang mga poster sa silid ng Primary.

## Linggo 3: Ang pamumuhay ayon sa Word of Wisdom ay nagpapakita ng paggalang sa aking katawan.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Sa isang panig ng pisara isulat ang "Mga Kautusan" at ang sumusunod na reperensya na banal na kasulatan: D at T 89:7–9, 12, 14, 16. Sa kabilang panig, isulat ang "Mga Pangako" at ang sumusunod na reperensya: D at T 89:18–21. Ipabasa sa kalahati ng mga bata ang unang set ng mga banal na kasulatan at hanapin ang mga utos na ibinigay sa atin ng Panginoon sa Word of Wisdom. Ipabasa sa ibang mga bata ang natitirang mga banal na kasulatan at hanapin ang mga pagpapalang ipinangako Niya sa atin kung susunod tayo. Talakayin ang ibig sabihin ng mga kautusan at pagpapala.




**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro ng isang game):* Ipasabi sa isang bata ang, "Maipamumuhay ko ang Word of Wisdom sa pamamagitan ng ________" at punan ang patlang ng isang bagay na gagawin niya para maipamuhay ang Word of Wisdom. Pagkatapos ay ipaulit sa isa pang bata ang parirala at ang tugon ng unang bata at pagkatapos ay idagdag ang kanyang sariling tugon. Ipaulit sa ikatlong bata ang parirala at ang mga tugon ng dalawang bata at pagkatapos ay magdagdag ng isa pang tugon. Ulitin kung may oras pa, na nagdaragdag ang bawat bata ng isang tugon.



*Makukuha ang ipinintang larawan sa sharingtime.lds.org*



## Linggo 4: Pinapanatiling malinis ng pagbabasa, panonood, at pakikinig sa mabubuting bagay ang aking isipan.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa isang object lesson):* Ipakita sa mga bata ang dalawang baso, ang isa ay may maruming tubig at ang isa ay may malinis na tubig. Itanong sa mga bata kung alin ang mas gugustuhin nilang inumin at bakit. Sabihin sa mga bata na ang ating isipan ay parang mga baso, at malilinis at mabubuting bagay lamang ang dapat nating ilagay rito. Isulat sa pisara ang sumusunod na pangungusap, at sabay-sabay ninyong basahin ito ng mga bata: "Pinapanatiling malinis ng pagbabasa, panonood, at pakikinig sa mabubuting bagay ang aking isipan." Pag-isipang turuan ang mga bata ng mga simpleng galaw ng kamay para maipaalala sa kanila ang pangungusap. Halimbawa, para sa salitang *pagbabasa,* ilahad ang inyong mga kamay na parang may hawak kayong aklat; para sa salitang *panonood,* ituro ang inyong mata; para sa *pakikinig,* ilagay ang inyong kamay sa palibot ng inyong tainga; at para sa *isipan,* ituro ang inyong noo. Ulitin ang pangungusap nang ilang beses, na hinahalinhan ng mga galaw ang mga salita.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro ng isang game at pagkanta ng isang awitin):* Ipakita sa mga bata ang larawan ni Jesucristo na may kasamang mga bata, at patingnan ito sa kanila nang ilang sandali. Takpan ang larawan at hilingin sa mga bata na sabihin sa inyo ang mga detalyeng naaalala nila tungkol dito. Tulungan ang mga bata na maunawaan na naaalala natin ang mga bagay na ating nakikita. Ipaliwanag na kapag pinuno natin ang ating isipan ng mabubuting bagay, mabubuting bagay rin ang iniisip natin. Muling ipakita ang larawan, at pakantahin ang mga bata ng "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo" (*AAP,* 42–43). Ipabahagi sa mga bata kung ano ang naramdaman nila sa awitin. Ipaliwanag na ang pakikinig sa mabuting musika ay nagpapadama sa atin ng Espiritu at pinapanatiling malinis ang ating isipan.

*Matututo nang mas mabisa ang mga bata kapag iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ang ginagamit. Halimbawa, sa linggo 4, natutukoy ng mga bata ang doktrina sa pagtingin sa isang object lesson at hinihikayat sila na gumamit ng simpleng mga galaw ng mga kamay na makatutulong sa kanila na maalala ito.*



Setyembre

# Ang Ebanghelyo ay Ipapangaral sa Buong Daigdig

*“Ang ebanghelyong ito ay ipangangaral sa lahat ng bansa, at lahi, at wika, at tao” (D at T 133:37).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?”***

**Drowing:** *Ang mapa sa linggo 1 ay maaaring idrowing, i-print, o manggaling sa bahay. Kung plano ninyong magdrowing sa pisara, praktisin nang maaga ang inyong mga drowing. Huwag humingi ng paumanhin kung hindi maganda ang inyong drowing. Lalo lang mapapansin ang bahaging iyon ng inyong drowing kapag humingi kayo ng paumanhin. Kung hindi kayo komportable sa pagdodrowing, humingi ng tulong sa iba (tingnan sa* PWHDT, *215–16).*



**Magpakita ng pagmamahal:** *Humanap ng mga pagkakataong maipakita ang inyong pagmamahal sa bawat bata. Kapag nagpakita kayo ng pagmamahal sa mga tinuturuan ninyo, higit nilang madarama ang Espiritu at magiging mas masigasig silang matuto (tingnan sa* PWHDT, *39).*

## Linggo 1: Itinuturo ng mga banal na kasulatan na ang ebanghelyo ay ipapangaral sa buong daigdig.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Ipabasa nang malakas sa isang nakatatandang bata ang Doktrina at mga Tipan 133:37. Sabihin sa mga bata na itinuturo ng mga misyonero ang ebanghelyo sa maraming pook ng mundo, sa maraming iba’t ibang wika. Ipabasa muli nang sabay-sabay sa mga bata ang banal na kasulatan.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa mga misyon):* Ipakita sa mga bata ang isang mapa ng mundo o magdrowing ng simpleng mapa sa pisara. Ipabahagi sa kanila ang mga lugar kung saan nagmisyon ang mga taong kakilala nila. Markahan sa mapa ang mga lugar na ito. Ipabahagi sa mga bata kung saan nila gustong maglingkod, at pamarkahan sa kanila ang mga lugar na iyon sa mapa. Ipaliwanag na ang mga tawag sa misyon ay nagmumula sa Panginoon sa pamamagitan ng propeta at ang mga misyonero ay naglilingkod saanman sila tawagin ng Panginoon. Tulungan ang mga bata na magsanay sa pagbigkas ng pangalan ng Simbahan sa ilang iba’t ibang wika. Talakayin sa mga bata na may ilang lugar kung saan hindi pa pinapayagang magturo ang mga misyonero. Ipaliwanag na hiniling sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na “idalangin ang pagbubukas ng mga lugar na iyon, upang maibahagi natin sa [lahat] ang kagalakang hatid ng ebanghelyo” (sa Conference Report, Okt. 2008, 4; o *Liahona,* Nob. 2008, 6).

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagliham sa mga misyonero):* Pasulatin ng maikling liham ang mga bata sa isang misyonerong nagmula sa inyong ward o sa mga misyonerong naglilingkod sa inyong lugar. Iabot ang mga liham sa ward mission leader para maipadala sa mga misyonero.



*Sa aktibidad na ito, ilang bata lang ang makakapunta sa harapan ng klase. Para maisali ang lahat ng bata, ipabulong sa katabi nila kung saan nila gustong maglingkod.*

***Mag-klik dito para sa mapa.***


## Linggo 2: Pinagpapala ng gawaing misyonero ang lahat ng tao.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga panauhing tagapagsalita):* Anyayahan ang isang nakauwi nang misyonero na pumunta sa Primary at ikuwento sa mga bata ang ilan sa mga pagpapalang natanggap niya mula sa paggawa ng gawaing misyonero. Magpabahagi sa iba (mga bagong binyag, mga bata, o pamilya) ng isang karanasan nila sa misyon o isang halimbawa kung paano pinagpala ng gawaing misyonero ang kanilang buhay. Ipakanta sa mga bata ang “Katotohanan Niya’y Dadalhin Natin sa Mundo” (*AAP,* 92–93) sa mga panauhin.

## Linggo 3: Makapaghahanda na ako ngayon para maglingkod sa misyon.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Ipakita ang larawan ni Ammon at sabihin sa mga bata na isa siyang magaling na misyonero na nagturo ng ebanghelyo sa mga Lamanita. Ipaliwanag na naghanda siyang maglingkod bilang misyonero bago pa siya nagtungo sa kanyang misyon. Basahin (o ipabasa sa isang nakatatandang bata) nang malakas ang Alma 17:2–3. Hilingin sa iba pang mga bata na makinig at itaas ang kanilang kamay kapag narinig nila ang mga paraan ng paghahanda ni Ammon na maging misyonero. Ipasulat sa isang bata ang kanilang mga sagot sa pisara. Sabihin sa mga bata na magagawa rin nila ang mga bagay na ito sa paghahanda nila na maging misyonero. Kantahin ang "Sana Ako'y Makapagmisyon" (*AAP,* 91). Habang kumakanta sila, ipa-pantomime sa mga bata ang mga galaw na maaaring gawin ng mga misyonero, tulad ng pagkatok sa mga pintuan, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, o pagbibisikleta.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paghahanda para sa misyon):* Sabihin sa mga bata na may mga bagay na magagawa nila ngayon para makapaghandang maging misyonero, tulad ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagtatamo ng patotoo, pagsunod sa mga utos, pagbabayad ng ikapu, at pag-iimpok ng pera. Bigyan ng isang tithing slip ang bawat bata, at ipakita sa kanila kung paano ito pupunan. Tulungang maghanda ang mga bata ng espesyal na lugar kung saan nila mailalagay ang kanilang perang pang-ikapu at perang iimpukin para sa kanilang misyon. Maaaring isa itong kahon, maliit na garapon o lata, o sobreng may hiwa-hiwalay na espasyo para sa ikapu at mga impok.



*Makukuha ang ipinintang larawan sa sharingtime.lds.org*




*Ang pagpapasulat sa pisara sa isang bata ay magpaparamdam sa kanya na siya ay mahalaga. Makakatulong din ito para mapanatili ang interes ng iba pang mga bata.*

## Linggo 4: Maaari akong maging misyonero ngayon.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabahagi ng mga ideya):* Isulat sa pisara ang sumusunod na pangungusap: "Maaari akong maging misyonero ngayon sa pamamagitan ng ____________." Magpaisip sa mga bata ng mga bagay na magagawa nila para maging misyonero ngayon. Ipabahagi ang kanilang mga ideya sa isang taong katabi nila sa upuan. Ipasulat sa ilang bata ang kanilang mga tugon sa pisara.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga patotoo):* Ipabahagi sa isang nakatatandang bata ang kuwento ng Unang Pangitain, at ipabahagi sa ibang bata ang kanyang damdamin tungkol sa Aklat ni Mormon. (Sabihan nang maaga ang mga bata para marami silang panahong makapaghanda.) Hikayatin ang lahat ng bata na ibahagi sa kanilang pamilya ang kuwento ng Unang Pangitain o ang kanilang damdamin tungkol sa Aklat ni Mormon.


**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagkanta ng isang awitin):* Magpaisip ng isang galaw sa mga bata na nagpapakita kung paano tayo magiging misyonero at paano natin maipamumuhay ang ebanghelyo ngayon. Pumili ng isang batang pupunta sa harapan ng klase at magbabahagi ng kanyang galaw sa ibang mga bata sa Primary. Ulitin sa ibang mga bata kung may oras pa.

**Iakma ang mga aralin** *sa edad ng mga bata (tingnan sa* PWHDT, *143–53). Halimbawa, sa ikalawang aktibidad para sa linggo 4 maaari ninyong bigyan kung gusto ninyo ang bawat nakatatandang bata ng isang edisyong pang-misyonero ng Aklat ni Mormon at hikayatin silang ibahagi ito sa isang tao. Para matulungan ang nakababatang mga bata na maalala muli ang kuwento tungkol sa Unang Pangitain, maaari ninyong gamitin ang mga aktibidad, visual, at finger puppet sa mga pahina 88–91 ng* Masdan ang Inyong mga Musmos.



Oktubre

# Ang Panalangin ay Mapitagang Pag-uusap sa Pagitan Ko at ng Diyos



*"Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya" (Santiago 1:5).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Paghahanda:** *Habang nagpaplano kayo ng mga oras ng pagbabahagi, basahin muna ang lahat ng aralin para sa buwang iyan. Pagkatapos ay balansehin ang mga aktibidad na pinaplano ninyong gamitin ayon sa oras na mayroon kayo at sa mga pangangailangan ng inyong Primary. Halimbawa, puwede ninyong kumpletuhin ang kahalati ng mas mahabang aktibidad sa isang linggo at tapusin ito sa susunod na linggo o ulitin ang mas maiikling aktibidad para matulungang magbalik-aral ang mga bata. (Tingnan sa* PWHDT*, 127–29.)*

*Ang pagpaplano ng mga aktibidad na kasali ang mga bata sa iba't ibang paraan ay nagpapaibayo ng pag-unawa at pagsasabuhay. Halimbawa, sa aktibidad na ito ang mga bata ay titingin, kakanta, magkukulay, susulat, makikinig, at magbabahagi.*

## Linggo 1: Maaari akong manalangin sa Ama sa Langit.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa isang object lesson):* Anyayahan ang isang magulang at bata na tumayo sa harap ng mga bata. Hilingin sa bata na tanungin ang kanyang magulang, at pasagutin ang magulang. Pagkatapos ay hilingin sa magulang na umalis sa silid at isara ang pintuan. Itanong sa mga bata kung paano sila nakikipag-usap sa kanilang mga magulang kapag hindi nila kasama ang mga ito (halimbawa, pagliham o pagtawag sa telepono). Ipaliwanag na ang Diyos ay ating Ama at tayo ay Kanyang mga anak; dahil hindi natin Siya kasama, binigyan Niya tayo ng paraan para makausap Siya. Itanong sa mga bata kung alam nila kung paano tayo nakikipag-usap sa Diyos. Pasunurin ang mga bata sa pagbigkas ninyo ng, "Maaari akong manalangin sa Ama sa Langit."

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkukulay):* Ibahagi sa mga bata ang activity verse sa pahina 16 ng manwal sa nursery na *Masdan ang Inyong mga Musmos*. Gumawa ng kopya ng flip book sa pahina 19 ng manwal sa nursery, *Masdan ang Inyong mga Musmos,* para sa bawat bata. Pakulayan sa mga bata ang mga larawan. (Puwedeng sumulat ang nakatatandang mga bata sa mga flap ng ilang bagay na pinasasalamatan nila at ilang bagay na puwede nilang hilingin sa Ama sa Langit. Puwede ninyong ipabahagi sa kanila ang kanilang mga ideya sa buong Primary.)




*[Mag-klik dito para sa flip book.](#)*



## Linggo 2: Tinuturuan ako ng mga banal na kasulatan kung paano at kailan dapat manalangin.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsasaulo ng isang banal na kasulatan):* Tulungang maisaulo ng mga bata ang sumusunod na pangungusap mula sa Alma 13:28: "Kayo ay magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Panginoon, at manawagan sa kanyang banal na pangalan, at magbantay at patuloy na manalangin." Talakayin kung ano ang itinuturo ng banal na kasulatan kung paano at kailan tayo dapat manalangin.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pakikinig sa kuwento sa banal na kasulatan):* Tulungan ang mga bata na maunawaan na maaari tayong tahimik na manalangin sa Ama sa Langit sa ating puso kahit kailan, kahit saan at dapat natin Siyang pasalamatan para sa ating mga pagpapala at humingi ng tulong sa Kanya. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga reperensya na banal na kasulatan: 3 Nephi 18:19; 3 Nephi 19:6–8; 3 Nephi 18:15. Isulat din sa pisara ang mga salitang *paano* at *kailan*. Ipabasa sa mga bata ang bawat banal na kasulatan at talakayin kung ano ang itinuturo nito tungkol sa kung paano at kailan tayo dapat manalangin. Ikuwento sina Alma at Amulek na tinuturuan ang mga Zoramita kung paano manalangin (tingnan sa Alma 31; 34:17–27; tingnan din sa *Primarya 4,* aralin 21). Maaari ninyong ipasadula sa ilang bata ang kuwento habang isinasalaysay ninyo ito.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng damdamin at pagkanta ng mga awitin):* Ipabahagi sa ilang bata kung ano ang pakiramdam nila kapag nagdarasal sila. Magpamungkahi sa mga bata ng ilang awitin sa Primary na nagtuturo tungkol sa panalangin. Kantahin ang ilan sa mga awitin, at magpamungkahi sa mga bata ng mga simpleng galaw na panghalili sa isa o dalawang salita sa bawat awitin. Halimbawa, sa halip na kantahin ang mga salitang "manalangin" o "panalangin," puwede silang humalukipkip.

## Linggo 3 at 4: Pinakikinggan at sinasagot ng Ama sa Langit ang aking mga panalangin.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Ipabasa sa mga bata ang 3 Nephi 14:7 at Santiago 1:5. Ipahanap sa kanila kung ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatan tungkol sa panalangin. Sabay-sabay na basahin nang malakas ang mga banal na kasulatan, at ipabahagi sa mga bata ang natutuhan nila. Ipasabi sa mga bata ang "Pinakikinggan at sinasagot ng Ama sa Langit ang aking mga panalangin" na kasabay ninyo.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pakikinig sa mga kuwento):* Igrupu-grupo ang mga bata, at hayaan silang maghalinhinan sa pagbisita sa sumusunod na mga istasyon (tingnan sa *PWHDT,* 235). Sa bawat istasyon, ipapaliwanag sa isang guro ang isang paraan na sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga dalangin at ipabahagi sa mga bata kung paano nasagot ang kanilang mga dalangin. Maaari kayong magplano ng dalawa sa mga istasyon para sa isang linggo at dalawa pang istasyon para sa susunod na linggo.

- Istasyon 1: Kung minsan sinasagot ang mga dalangin sa pamamagitan ng mga kaisipan o ideyang pumapasok sa ating puso't isipan (tingnan sa D at T 8:2). Magbahagi ng isang karanasan na nangyari ito sa buhay ninyo, o ikuwento si Enos (tingnan sa Enos 1:4–5, 10; tingnan din sa *Masdan ang Inyong mga Musmos,* 17).
- Istasyon 2: Maaaring gamitin ng Ama sa Langit ang iba para sagutin ang mga dalangin. Magbahagi ng isang karanasan na nasagot ng ibang tao ang inyong mga dalangin, o ikuwento ang tungkol kay Pangulong Thomas S. Monson na sinagot ang dalangin nina Ben at Emily Fullmer (tingnan sa Conference Report, Okt. 2003, 63; o *Liahona,* Nob. 2003, 58–59).
- Istasyon 3: Ang mga sagot sa panalangin ay maaaring magmula sa mga salita ni Cristo, na matatagpuan sa mga banal na kasulatan (tingnan sa 2 Nephi 32:3). Magbahagi ng isang karanasan na nasagot ang isang panalangin ninyo nang basahin ninyo ang inyong mga banal na kasulatan.
- Istasyon 4: Ang mga sagot sa panalangin ay maaaring magmula sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw (tingnan sa D at T 1:38). Ipakita sa mga bata ang isyu ng *Liahona,* at sabihin sa kanila na matatagpuan nila ang mga turo ng mga propeta sa mga magasin ng Simbahan. Magbahagi ng isang karanasan na nasagot ang isang panalangin ninyo nang makinig kayo sa pangkalahatang kumperensya o magbasa ng mga salita ng mga propeta sa mga huling araw.

**Iakma ang mga aralin**

*para tumugon sa mga pangangailangan at kakayahang matuto ng mga bata (tingnan sa* PWHDT, *143–53). Halimbawa, sa linggo 2, puwedeng isaulo ng maliliit na bata ang pariralang "Magbantay at patuloy na manalangin" sa halip na ang buong talata ng banal na kasulatan.*



*Ang mga istasyon ay mga lugar kung saan sumasali ang maliliit na grupo ng mga bata sa iba't ibang karanasan sa pagkatuto (tingnan sa* PWHDT, 235). *Sa malalaking Primary, mapapasimple ang mga istasyon sa pagpapalipat-lipat ng mga guro sa mga grupo ng mga bata.*

Nobyembre

# Ang Pagpipitagan ay Pagmamahal at Paggalang sa Diyos

*"Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo"* (Mateo 22:37).

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan silang maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***



**Pagbalik-aralan:** *Ang pagkonekta ng doktrina sa isang pisikal na aktibidad o visual ay makakatulong sa mga bata na maalala ito (tingnan sa* PWHDT, *239–40). Ang ikalawang aktibidad sa linggo 1 ay makakatulong sa mga bata na maalala na ang pagpipitagan ay nauugnay sa pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapalagay sa kanila ng kanilang kamay sa tapat ng kanilang puso. Pag-isipang balik-aralan nang ilang buwan ang doktrinang ito sa pamamagitan ng paglalagay ng inyong kamay sa tapat ng inyong puso kapag naghihikayat kayo ng pagpipitagan.*

*Kapag nag-anyaya kayo ng mga panauhing tagapagsalita sa Primary, paalalahanan sila na simplihan lang ang kanilang mensahe para maunawaan ito ng mga bata. Lahat ng panauhing tagapagsalita ay dapat aprubahan ng bishopric.*

## Linggo 1: Ang pagpipitagan ay pagmamahal at paggalang sa Diyos.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa isang larawan at paglalaro ng isang game):* Magpakita ng larawan ng isang batang nagdarasal, at ipaliwanag na ang bata ay nagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa Diyos. Sabihin sa mga bata na may iniisip kayong labindalawang-letrang salita na ang ibig sabihin ay pagmamahal at paggalang sa Diyos. Sumulat sa pisara ng labindalawang patlang, isa para sa bawat letra ng salita *pagpipitagan,* at pahulaan ang mga letra sa mga bata. Kapag nahulaan nila nang tama ang mga letra, isulat ang mga ito sa angkop na mga patlang. Maaari kayong magpatulong sa isang nakatatandang bata. Para sa nakababatang mga bata, ipakita ang larawan at itanong sa kanila kung paano nila nalaman na mapitagan ang bata. Ipasambit sa mga bata nang sabay-sabay ang, "Ang pagpipitagan ay pagmamahal at paggalang sa Diyos."

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng isang banal na kasulatan at pagkanta ng isang awitin):* Ipabuklat sa mga bata ang kanilang mga banal na kasulatan at ipabasa ang Juan 14:15. (Kung naisaulo na ng mga bata ang talatang ito noong nakaraang taon, maaari ninyong ipabigkas sa kanila ito.) Itanong sa mga bata kung paano natin maipapakita ang ating pagmamahal kay Jesucristo. Kantahin ang "Paggalang ay Pagmamahal" (*AAP,* 12). Ipalagay sa mga bata ang kanilang kamay sa tapat ng kanilang puso tuwing maririnig nila ang salitang "paggalang" o "may galang."

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay sa pagpipitagan):* Hatiin sa maliliit na grupo ang mga bata, at ipatalakay sa kanila ang mga paraan na maipapakita natin ang pagpipitagan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa isa sa sumusunod na mga sitwasyon: kapag nasa simbahan sila, kapag nagdarasal sila, at kapag nasa bahay sila o kasama ang mga kaibigan. Maaari ding magdrowing ang nakababatang mga bata ng mga larawan ng puwede nilang gawin. Ipabahagi sa ilan sa mga bata ang kanilang mga ideya sa buong grupo. Hikayatin silang ibahagi ang kanilang mga ideya sa kanilang pamilya sa bahay.

## Linggo 2: Ang pagpipitagan sa sacrament ay nagpapaalala sa akin kay Jesucristo.



**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pag-aaral tungkol sa sacrament):* Paturuan ang mga bata sa bishop o branch president at ilang maytaglay ng Aaronic Priesthood tungkol sa sacrament. Kung maaari, puwede ninyo silang hilingang dalhin ang mga bata sa chapel at ituro sa kanila kung ano ang isinasagisag ng sacrament at ipakita sa kanila ang sacrament table, ang lugar na pinagluluhuran nila sa pag-aalay ng panalangin, at ang telang pantakip sa sacrament. Ipapaliwanag sa isa pang maytaglay ng Aaronic Priesthood kung ano ang ginagawa niya sa pagpapasa ng sacrament sa kongregasyon tuwing linggo at bakit ito isang sagradong pribilehiyo. Itanong sa mga bata kung ano ang ginagawa ng mga maytaglay ng priesthood na nagpapakita ng paggalang sa Diyos kapag binabasbasan nila ang sacrament (lumuluhod para manalangin, tinatakpan ng puting tela ang sacrament, nakadamit at kumikilos sa mapitagang paraan). Ipabahagi sa mga bata kung ano ang maaari nilang gawin para magpakita ng paggalang kay Jesucristo habang ipinapasa ang sacrament.

## Linggo 3: Maaari akong magpakita ng pagpipitagan sa mga sagradong lugar at bagay.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsali sa isang object lesson):* Isulat sa pisara ang “Maaari akong magpakita ng pagpipitagan sa mga sagradong lugar at bagay,” at hilingin sa isang bata na basahin ito sa buong Primary. Papikitin ang mga bata at ipataas ang kanilang kamay kung naririnig nila kapag naglaglag kayo ng barya o butones. Sabihin sa mga bata na ang gusali ng simbahan ay isang sagradong lugar at ang pag-upo nang tahimik at pakikinig nang husto ay isang paraan na maipapakita natin ang ating pagpipitagan. Magpabahagi sa mga bata ng ilang iba pang bagay na magagawa nila sa mga gusali ng simbahan na nagpapakita ng pagpipitagan.



**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa isang kuwento sa banal na kasulatan):* Idispley ang isang larawan ni Moises at ang nagliliyab na palumpong, at isalaysay ang nangyari na matatagpuan sa Exodo 3:1–10. Basahin nang malakas ang talata 5 at sabihin sa mga bata na pakinggan kung bakit inutusan ng Panginoon si Moises na hubarin ang kanyang sapin sa paa. Ipaliwanag na hindi natin kailangang maghubad ng sapatos para maging mapitagan, ngunit maraming bagay tayong magagawa na makapagpapakita ng pagpipitagan sa mga sagradong lugar at bagay.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro ng isang game):* Idispley ang ilan sa sumusunod na mga larawan: isang templo o gusali ng simbahan, isang tahanan, isang pamilya, isang taong nagdarasal, isang bata, mga banal na kasulatan, isang grupo ng mga bata, isang klase sa Primary, at ang sacrament. Takpan ng isang malaking tela ang lahat ng larawan at alisin ang isang larawan. Alisin ang tela at sabihin sa mga bata na sabihin sa inyo kung aling larawan ang nawawala. Ipakita ang nawawalang larawan at magpabahagi sa mga bata ng isang paraan na maipapakita nila ang pagpipitagan o paggalang sa lugar o bagay na nasa larawan. Ulitin sa iba pang mga larawan.



*Ano ang gagawin ng mga bata para matuto? Ang pagtatanong nito habang inihahanda ninyo ang mga aktibidad ay tutulong sa mga bata na matuto sa pamamagitan ng pagsali. Halimbawa, ang ikatlong aktibidad sa linggo 3 ay nagtutulot sa lahat ng bata na makasali sa pagtalakay, pagtingin sa mga larawan, at pagbabahagi ng mga ideya.*

## Linggo 4: Ang pagpipitagan sa Diyos ay tumutulong sa akin na igalang at mahalin ang iba.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng mga awitin):* Kantahin ang sumusunod na mga awitin. Pagkatapos ng bawat awitin, talakayin ang kaakibat na mga tanong.

- “Paggalang ay Pagmamahal” (*AAP*, 12). Ulitin ang linyang nagsasabing, “Ang paggalang ko’y nasa kilos at wika.” Itanong: Ano ang ilang salita o pariralang nagpapakita ng paggalang sa Ama sa Langit o sa iba? Ano ang ilang bagay na magagawa natin na magpapakita ng paggalang sa iba?
- “Sa Akin Nagmumula ang Kabaitan” (*AAP*, 83). Itanong: Ano ang ilang paraan na makapagpapakita tayo ng kabaitan sa ating mga kaibigan?
- “Palagíng Sasamahan Ka” (*AAP*, 78–79). Itanong: Sino ang ilan sa mga taong nangangailangan ng ating kabaitan? Paano tayo makakapagpakita ng kabaitan sa kanila?



*Makukuha ang ipinintang larawan sa sharingtime.lds.org*



**Magturo sa pamamagitan ng halimbawa** *kung paano magpakita ng pagmamahal at paggalang sa iba (tingnan sa* PWHDT, *21–23). Tulungan ang mga guro sa inyong Primary sa pamamagitan ng pagbibigay ng panghihikayat at suporta sa kanila. Pagkatapos ay tulungan ang mga bata na makita kung paano nila maaaring mahalin at hikayatin ang isa’t isa.*

**Disyembre**

# Tinuturuan Ako ng mga Banal na Kasulatan tungkol sa Pagsilang at Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas

*"Sapagka't ang Anak ng tao ay pariritong nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama na kasama ang kaniyang mga anghel; at kung magkagayo'y bibigyan ang bawa't tao ayon sa kaniyang mga gawa" (Mateo 16:27).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Mga banal na kasulatan:** *Sa pagbabasa nang direkta mula sa mga banal na kasulatan magiging komportable ang mga bata sa salita ng banal na kasulatan. Tiyaking bigyang-kahulugan ang mahihirap na salita o ideya. (Tingnan sa* PWHDT*, 60–62.)*

## Linggo 1: Ipinropesiya ng mga propeta ang pagsilang ni Jesucristo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagdudula-dulaan):* Hatiin sa limang grupo ang mga bata. Bigyan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga banal na kasulatan at ilang props o simpleng costume na kakatawan sa nauukol na propeta: Isaias 7:14; 9:6 (Isaias); 1 Nephi 11:14–21 (Nephi); Mosias 3:5, 8 (Haring Benjamin); Alma 7:9–10 (Alma); Helaman 14:2–6 (Samuel). Ipabasa at ipatalakay sa bawat grupo kung ano ang sinabi ng propeta tungkol sa pagsilang ni Cristo. Ipagamit ang props o costume sa isang bata mula sa bawat grupo para katawanin ang propeta at sabihin sa iba pang mga bata kung sino ang propetang kinakatawan niya at basahin o sabihin kung ano ang sinabi ng propetang iyan tungkol sa pagsilang ni Jesus. Kantahin ang "Isinugo, Kanyang Anak" (*AAP*, 20–21).

**Paunawa:** *Hindi dapat gampanan ng mga bata ang Tagapagligtas sa isang pagsasadula maliban sa tagpo ng kapanganakan.*

## Linggo 2: Isinilang si Jesucristo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin at pagdodrowing ng mga larawan):* Kantahin nang sabay-sabay ang unang linya ng "Awit ng Kapanganakan" (*AAP*, 32–33). Hatiin ang mga bata sa apat na grupo, at atasan ang bawat grupo ng isa sa natitirang mga linya (2–5). Pagdrowingin ang mga bata ng mga larawang magagamit sa kanilang linya. Kantahin ang buong awitin, at ipataas sa mga bata ang kanilang mga larawan kapag bahagi na nila ang kakantahin.



## Linggo 3: Si Jesucristo ay babalik sa mundo balang-araw.

*[Mag-klik dito para sa mga wordstrip.](#)*

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsasaayos ng mga salita):* Isulat sa maliliit na wordstrip ang bawat isa sa sumusunod na mga parirala: *Sapagka't ang, Anak ng tao, ay pariritong, nasa kaluwalhatian, ng kaniyang Ama.* (Makukuha ang mga wordstrips sa sharingtime.lds.org.) Idispley sa pisara ang mga wordstrip nang hindi sunud-sunod, at magpatulong sa mga bata na isaayos ang mga iyon. (Maaari kayong gumawa ng ilang set ng mga wordstrip na pagtutulung-tulungan ng mga bata sa mga grupo.) Kapag naayos na ng mga bata sa tamang pagkakasunud-sunod ang mga parirala, ipasuri sa kanila ang kanilang sagot sa pagbabasa sa Mateo 16:27.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa mga larawan):* Papuntahin sa harapan ng klase ang apat na bata at ipataas ang mga larawan ni Samuel ang Lamanita, ng pagsilang ni Jesus, ni Jesus habang nagtuturo, at ng Ikalawang Pagparito. Talakayin sa mga bata ang bawat larawan. Patayuin nang hindi sunud-sunod ang mga batang may hawak ng mga larawan. Ipasabi sa Primary kung saan pupunta ang mga bata para mapagsunud-sunod ang mga larawan ayon sa pangyayari.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro ng pagtutugma):* Magdrowing ng linya sa gitna ng pisara. Sa itaas ng pisara isulat ang "Si Jesucristo ay babalik sa mundo balang-araw." Sa kahalati ng



*Makukuha ang ipinintang mga larawan sa sharingtime.lds.org*

*Ang paggamit ng mga larawan o iba pang visual ay tumutulong sa mga bata na maiugnay ang isang alituntunin o doktrina sa isang bagay sa kanilang isipan, na nagdaragdag sa kakayahan nilang maunawaan at maalala ang natutuhan nila.*

pisara isulat ang sumusunod na mga tanong: Sa isa pang kalahati isulat nang hindi sunud-sunod ang mga reperensya na mga banal na kasulatan.

- Ano ang ilang kamangha-manghang bagay na mangyayari kapag muling pumarito si Cristo? (Joseph Smith—Mateo 1:33, 36–37)
- Kailan muling paparito ang Tagapagligtas? (Joseph Smith—Mateo 1:38–40)
- Bakit tayo dapat maghanda para sa Ikalawang Pagparito? (D at T 38:30)
- Gaano katagal mananatili ang Tagapagligtas sa mundo? (D at T 29:11)

Sabihin sa mga bata na makipagtulungan sa kanilang guro na maitugma ang mga tanong sa mga sagot. Sama-sama ninyong talakayin ang mga sagot. (Tingnan din sa *Tapat sa Pananampalataya* [2006], 33–35.) Itanong sa mga bata kung paano sila makapaghahanda para sa Ikalawang Pagparito.

## Linggo 4: Upang makapaghanda para sa Ikalawang Pagparito, susundin ko si Jesucristo.




*Makukuha ang ipinintang larawan sa sharingtime.lds.org*

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagsasadula ng isang kuwento sa banal na kasulatan):* Sabihin sa mga bata na madalas magturo si Jesus gamit ang mga talinghaga, mga pamilyar na bagay at sitwasyon para magturo ng mga espirituwal na katotohanan. Isalaysay nang maikli ang kuwento ng sampung dalaga (tingnan sa Mateo 25:1–13; tingnan din sa "Ang Talinghaga ng Sampung Dalaga," *Liahona,* Mar. 2009, 20–21). Ipaliwanag na inihahambing sa isang kasal ang Ikalawang pagparito ni Jesucristo sa talinghagang ito. Ipasadula sa ilang bata ang talinghaga. Itanong sa mga batang gumaganap sa papel ng matatalinong dalaga kung ano ang pakiramdam ng malaman na sila ay handa, at talakayin ang kahalagahan ng paghahanda para sa muling pagparito ng Tagapagligtas.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay at pagdodrowing ng mga larawan):* Magdrowing ng isang ilawan sa pisara. Talakayin kung paano naging parang paglalagay ng langis sa ating ilawan ang pagsunod kay Jesucristo sa pamamagitan ng paggawa ng mabubuting bagay araw-araw. Magpabanggit sa mga bata ng ilang paraan na masusunod nila si Jesucristo, tulad ng paglilingkod sa iba, pagbabayad ng ikapu, at pagdarasal. Ipaliwanag na ito ang mga bagay na kailangan nilang gawin mismo; hindi ito magagawa ng ibang tao para sa kanila. Bigyan ang bawat bata ng isang papel na hugis ng malaking patak ng langis. Ipasulat sa kanila (o sa kanilang mga guro) ang "Upang makapaghanda para sa Ikalawang Pagparito, susundin ko si Jesucristo sa pamamagitan ng __________" sa kanilang papel. Papunan sa mga bata ang patlang o magpadrowing ng larawan ng isang bagay na magagawa nila upang makapaghanda para sa Ikalawang Pagparito. Hikayatin ang mga bata na iuwi ang kanilang papel at ibahagi sa kanilang pamilya ang kanilang natutuhan.






**Iba't ibang grupo ng magkakaedad:** *Planuhin ang inyong mga oras ng pagbabahagi para maisali kapwa ang nakatatanda at nakababatang mga bata (tingnan sa PWHDT, 143–53). Halimbawa, mas angkop ang ikalawang aktibidad sa linggo 3 sa nakababatang mga bata dahil gumagamit ito ng mga larawan para ituro ang isang simpleng konsepto. Para sa unang aktibidad sa linggong iyan, puwede ninyong patulungin ang nakatatandang mga bata sa nakababatang mga bata na mapagsunud-sunod ang mga wordstrip.*



***Mag-klik dito para sa ilawan at patak ng langis.***



# Paano Gamitin ang Musika sa Primary

***Ang layunin ng musika sa Primary ay ituro sa mga bata ang ebanghelyo ni Jesucristo at tulungan silang matutong ipamuhay ito. Ang mga awitin sa Primary ay mas nagpapasaya sa pag-aaral, tumutulong sa mga bata na matuto at maalala ang mga katotohanan ng ebanghelyo, at nag-aanyaya ng Espiritu.***

***Ang sumusunod ay mga kasanayang puwede ninyong gamitin sa pagtuturo ng isang awitin sa mga bata. Ang mga halimbawa ay makakatulong sa inyo sa mga awiting iminungkahi sa outline na ito. Tingnan sa bahaging "Paano Gamitin ang Musika sa Primary" sa 2010 outline para sa karagdagang mga ideya.***

## Kunin ang Atensyon ng mga Bata

Bago kayo magsimulang kumanta, tiyaking naka-tuon sa inyo ang pansin ng mga bata. Makukuha ninyo ang kanilang atensyon sa paggamit ng mga visual aid tulad ng mga larawan, mga simpleng bagay, o ang mga bata mismo. Puwede rin ninyong palitan na lang ang tono ng inyong boses. Ang mga aktibidad sa pagkuha ng atensyon ay dapat iklian at humantong sa awitin. Halimbawa:

- Bago kantahin ang "Templo'y Ibig Makita" (*AAP*, 99), ipataas ang kamay ng mga bata kung nakakita na sila ng templo. Ipaisip sa kanila kung ano ang pakiramdam nila kapag nakikita nila ang templo habang kumakanta sila.
- Maaaring ang mga bata ang pinakamainam ninyong visual aid. Pagamitin sila ng simpleng props tulad ng mga kurbata o banal na kasulatan upang katawanin ang mga misyonero habang kinakanta nila ang "Katotohanan Niya'y Dadalhin Natin sa Mundo" (*AAP*, 92–93).



**Praktisin** *ang mga awitin sa tahanan para kapag nagturo kayo sa mga bata ay sa kanila kayo naka-tingin, hindi sa inyong aklat.*



*Panatilihing simple ang mga visual. Itutuon nito ang mga bata sa mensahe ng awitin, at tutulutan nitong magpatotoo ang Espiritu na ang kinakanta nila ay totoo.*

## Ituon ang Pakikinig ng mga Bata

Ang paghiling sa mga bata na pakinggan ang sagot sa isang tanong ay nakakatulong sa kanila na matutuhan ang mga salita at mensahe ng awitin. Puwede ninyo silang hilingan na pakinggan ang mga sagot sa mga tanong na tulad ng "sino?" "ano?" "saan?" "kailan?" o "bakit?" Puwede rin ninyong hilingin sa mga bata na pakinggan ang mga pangunahing salita o magkatunog na mga salita o bilangin sa kanilang daliri kung ilang beses nila kinanta ang isang partikular na salita.

Habang itinuturo ninyo ang "Kung Makikinig nang Taimtim" (pahina 28 sa buklet na ito), isulat sa pisara ang isa sa sumusunod na mga tanong: "Saan ko maririnig ang tinig ng Tagapagligtas?" "Sino ang nagtuturo sa atin kung paano mamuhay nang matwid?" "Sino ang nangungusap nang tahimik sa atin?" Sabihin sa mga bata na pakinggan ang sagot habang kumakanta sila at humudyat (sa pamamagitan ng paghalukipkip, pagtayo, o paghipo sa kanilang tainga) kapag kinanta nila ang sagot. Kantahin ninyo ng mga bata ang sagot nang ilang beses. Isulat sa pisara ang isa pang tanong at ulitin ito.

*Madarama ng mga bata ang inyong pagmamahal at sigla para sa ebanghelyo habang sinasabayan ninyo silang kumanta. Kapag pinatotohanan ninyo ang Tagapagligtas, madarama rin nila ang Kanyang pagmamahal sa kanila.*



## Isali ang mga Bata

Isali ang mga bata sa iba't ibang paraan habang kumakanta kayo. Halimbawa:

- Magpaisip sa mga bata ng mga simpleng galaw sa kamay na makakatulong sa kanila na maalala ang mga salita at mensahe ng isang awitin (tingnan sa "Mga tulong para sa music leader" sa pahina 7).
- Pagkunwariing mga misyonero ang mga bata habang kinakanta nila ang "Katotohanan Niya'y Dadalhin Natin sa Mundo." Pagmartsahin sila sa kinatatayuan nila o sa paligid ng silid at pahawakan ang kanilang mga banal na kasulatan habang kumakanta sila.
- Bago kantahin ang "Kung Makikinig nang Taos," bigyan ng pusong papel ang bawat bata at pasulatan sa kanila ng "Makinig" ang harapan nito at "Dinggin" ang likuran. Ipaliwanag na ang mga salitang ito ay inulit nang ilang beses sa awitin. Ipaharap sa mga bata ang tamang panig ng puso kapag kinanta nila ang salitang iyon.




***Mag-klik dito para sa mga puso.***

## Kumanta, Kumanta, Kumanta

Lalong higit na natututuhan ng mga bata ang mga awitin kapag naririnig at kinakanta nila ito nang paulit-ulit.

Repasuhin at kantahin ang mga awitin sa iba't ibang masasayang paraan. Halimbawa:

- Anyayahan ang mga bata na pag-aralan ang himig ng isang bagong awitin sa pakikinig dito o paghuni nito sa oras ng prelude.
- Para makantang muli ang "Susundin Ko ang Plano ng Diyos" (*AAP,* 86–87), gumawa ng ilang karatula sa daan. Sulatan ng ibang salita mula sa awitin ang bawat karatula. Ipakita ang isang karatula, at sabihin sa mga bata na kapag kinanta nila ang awitin huwag nilang bigkasin ang salitang iyon. Ulitin sa iba pang mga karatula.
- Gumawa ng cube na yari sa papel o cardboard, at sa bawat panig ng cube sumulat ng ibang paraan sa pagkanta (halimbawa, ipalakpak ang himig, igalaw ang mga kamay, kumanta nang mahina, mga batang lalaki ang kakanta, mga batang babae ang kakanta, o ihuni ang himig). Sa isa pang cube isulat ang mga pamagat ng ilang awitin sa Primary na pinag-aaralan ng mga bata. Ipagulong sa isang bata ang unang cube para malaman kung paano nila kakantahin ang awitin, at ipagulong sa ibang bata ang isa pang cube para malaman kung aling awitin ang kakantahin nila.



***Mag-klik dito para sa mga pattern ng cube.***




**Maghandang** *ituro ang mensahe ng ebanghelyo ng isang awitin sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga reperensya na banal na kasulatan na nakasaad sa* Aklat ng mga Awit Pambata.



**Mga bagong awitin:** *Kapag pinasimulan ninyo ang isang bagong awitin sa mga bata, kantahin muna ito sa kanila. Lalong higit na matututuhan ng mga bata ang isang awitin kapag narinig ito nang ilang beses bago nila ito kantahin.*

# Kung Makikinig nang Taos

*Mahina* ♩ = 88–104

Mga titik at himig ni Sally DeFord





Karapatang-sipi © 2007 ni Sally DeFord. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental, di-pangkalakal na gamit sa tahanan at sa simbahan.
Ang paunawaang ito ay dapat isama sa bawat kopyang ginawa.

# Pagtuturo sa mga Batang May Kapansanan

*Itinuro ng Tagapagligtas, "Lahat ng iyong mga anak ay tuturuan ng Panginoon; at malaki ang magiging kapayapaan ng iyong mga anak" (3 Nephi 22:13).*

***Mahalagang responsibilidad ng mga lider ng Primary na ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo sa lahat ng bata, pati na sa mga yaong may kapansanan. Primary ang lugar kung saan bawat bata ay dapat tanggapin, mahalin, pangalagaan, at isali. Sa kapaligirang ito mas madaling maunawaan ng lahat ng bata ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo at madama at makilala ang impluwensya ng Espiritu Santo.***




*Makukuha ang ipinintang larawan sa sharingtime.lds.org*

## Bawat bata ay mahalaga sa Diyos. Bawat isa ay nangangailangan ng pagmamahal, paggalang, at suporta.

Sumangguni sa iba habang sinisikap ninyong tugunan ang mga pangangailangan ng mga bata sa inyong Primary na may mga kapansanan.

1. **Sumangguni sa mga magulang ng bata.** Karaniwan ay mas kilala ng mga magulang ang kanilang anak kaysa sinuman. Maituturo nila sa inyo kung paano tugunan ang kanyang mga pangangailangan, haba ng atensyon, at mga paboritong paraan sa pag-aaral. Halimbawa, may ilang bata na nakikinig mabuti sa musika, ang iba naman ay sa mga kuwento, larawan, mga banal na kasulatan, o paggalaw. Gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo, na tinitiyak na maisama ang mga paraan na higit na natututo ang bawat bata.
2. **Sumangguni sa iba pang mga lider at guro sa Primary.** Sama-samang manalangin at magsikap na makahanap ng mga paraan na matulungan ang bawat bata na matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo at makadama ng pagmamahal.
3. **Sumangguni sa ward council.** Maaaring may mga ideya ang mga lider ng priesthood at iba pang auxiliary kung paano tutulungan ang mga batang may mga espesyal na pangangailangan. Sa isang ward, nag-alok ang high priests group na maglaan ng isang "lolo para sa Primary" linggu-linggo na kakausap sa isang batang lalaking autistic. (Ang pinakamainam, iisang tao lang ito bawat linggo.) Nakatulong ito sa batang lalaki na magtuon sa aralin at makadama ng pagmamahal.

Itinuro ni Elder M. Russell Ballard, "Malinaw, na ang mga pinagkatiwalaan na magkaroon ng mga natatanging anak ay pinagkalooban ng sagrado, marangal na pangangasiwa, dahil tayo ang hinirang ng Diyos na palibutan ang mga bata ngayon ng pag-ibig at ng apoy ng pananampalataya at ng pag-unawa kung sino sila" ("Great Shall Be the Peace of Thy Children," *Ensign,* Abr. 1994, 60).



*Mag-klik dito para sa mga pigura.*



**Para sa iba pang impormasyon** *kung paano tutulungan ang mga batang may mga espesyal na pangangailangan, tingnan sa lds.org/pa (mag-klik sa* **Primary,** *pagkatapos ay sa* **Teaching All Children, Including Those with Disabilities***);* Teaching, No Greater Call, *38–39; at disabilities.lds.org.*

*Mahusay tumugon ang ilang batang may kapansanan sa mga hudyat na nakikita. Gumamit ng mga hudyat tulad ng makikita rito upang ipahiwatig kung oras nang manalangin, tumahimik, o kumanta.*

**Pag-akma sa mga aralin:** *Maaaring kailanganin ninyong iakma ang inyong mga oras ng pagbabahagi sa mga batang may kapansanan. Tingnan sa sharingtime.lds.org para sa ilang halimbawa kung paano gawin ito.*



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

© 2010 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa USA. Pagsang-ayon sa Ingles: 3/09. Pagsang-ayon sa pagsasalin: 3/09.

Pagsasalin ng *2011 Outline for Sharing Time: I Know the Scriptures Are True.* Tagalog. 08635 893

Image credits: Pahina 9: *Si Cristo sa Getsemani,* ni Harry Anderson, © IRI; *Ang Pagpapako sa Krus,* ni Harry Anderson, © IRI; *Masdan ang Aking mga Kamay at Paa,* ni Harry Anderson, © IRI. Pahina 10: *Naghangad ng Karunungan si Joseph Smith mula sa Biblia,* ni Dale Kilbourn, © 1975 IRI; *Ang Unang Pangitain,* ni Gary L. Kapp, © 2009 Gary L. Kapp; *Nagpakita si Anghel Moroni kay Joseph Smith,* ni Tom Lovell, © 2003 IRI; *Isinasalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon,* ni Del Parson, © 1996 IRI; *Ang Pagpapanumbalik ng Aaronic Priesthood,* ni Del Parson, © 1984 IRI. Pahina 11: *Inoorden ni Cristo ang mga Apostol,* ni Harry Anderson, © IRI. Pahina 16: *San Diego California Temple,* © 1997 Steve Tregeagle. Pahina 17: *Si Cristo Kasama ang mga Bata,* ni Harry Anderson, © IRI. Pahina 25: *Lima sa Kanila ay Matatalino,* ni Walter Rane, sa kagandahang-loob ng Church History Museum. Pahina 27: *Aklat ng mga Awit Pambata* pabalat, ni Phyllis Luch, © 1988 IRI. Pabalat sa likuran: *Naghangad ng Karunungan si Joseph Smith mula sa Biblia,* ni Dale Kilbourn, © 1975 IRI.

TAGALOG
4 02086 35893 6
08635 893